

*Call It Love,
Author*

Copyright © MisterDomino 2012

All rights reserved.

Let's not make this a novel-like or yung parang karaniwang story na nababasa natin na may chapter 1, 2, 3 and so on. Let's make this a "friendly-like conversation," yung parang tayo lang dalawa ang nag-uusap. O kung may ka-share ka man sa pagbabasa ngayon, eh di tayo. Friends na tayo ngayon ha, because these are facts, not a fictionalized story.

Inspired ako ng Barangay Love Stories (Woohoo, ad fee naman diyan! Wala akong pambili ng cornetto eh!) at ng story na "The Novelist" ni pretty ek ek, hindi ko na maalala, sa paggawa ng story na ito habang hinihintay kong maluto ang sinaing ko at habang hinihintay na makaramdam ng gutom. Wala lang, trip lang. Kumbaga, trip lang talaga. Wala na akong masabi.

Okay, let's now start my precious story... Kung gusto nyong malaman. But before I start, ang mga names po na gagamitin ko eh edited na, which means hindi po ang mga name na babanggitin ko ang mga totoong mga pangalan ng mga taong nasa istorya na ito. Gagamit na lang po ako ng mga "spare names" (Wow, sosyal, spare names, pauso ako). They deserve some privacy. Mala-showbiz din sila eh. But the whole course of events, well, totoo yang mga yan. Walang halong dagdag or bawas whatsoever. Gaya-gaya ako sa isang kaklase ko eh (Oy Abi, peace ^_^V)

Okay. Now here how the story goes... And sorry for the typographical errors. Haha.

Diba ang mga author ng mga istorya, karaniwan buhay ng iba ang sinusulat nila?

Karaniwan buhay ni ganito, buhay ni ganyan.

Minsan fiction pa.

Pero paano nga ba kung istorya niya mismo ang isusulat niya?

Unusual diba?

But let's make it usual, because the author has other plans...

~~~~~

Lecheng pag-ibig diba? Hindi ba pwedeng maging perpekto kahit minsan? Lagi na lang okay, lagi na lang nasa tama, pero perpekto ba? Hindi diba? Kasi sa pag-ibig, laging may nasasaktan: laging may nananalo, laging may natatalo. Parang double effect lang sa accounting. Pero saang panig ka ba? Sa nasasaktan, o sa nanalo?

"What makes love interesting is it's really complicated. Complicated man ang accounting, complicated man ang philosophy, at complicated man ang law, aminin natin, kung tatanungin ka kung ano ang pinakacompllicated na bagay sa mundo, anong unang isasagot mo?"

--- The Author.

~O~

*August 13, 2010*

*Umagang-umaga, ganito na agad.*

Nasa harap ako ng gate ngayon. Yeah, nasa harap. Ang aga pa lang, pagtingin ko sa relo ko, 6:21 pa lang. Ang aga ko kasing pumasok eh. Hindi na bago kung mga 6:10 eh wala na ako sa bahay. Nakasanayan ko na rin kasi na maagang pumasok, kahit grade 1 pa lang ako, 6:15 pa lang, magpuprusisyon na ako papuntang school. Eh since Fourth Year high school na ako eh may changes in schedule. Since mas malayo ng 6 barangays yung school namin mula sa bahay namin eh mas maaga na akong nagigising. 4:45 pa nga lang ng madaling araw, gising na ako para manuod ng balita eh. Para na akong matanda. At tsaka isa pa, kaya maaga rin akong pumapasok eh ayaw na ayaw ko kasing nale-late ako, kahit nga ba 8 minutes lang ang biyahe mula bahay papuntang school (Wala kasing traffic sa amin) eh maaga pa rin akong pumapasok. Nage-aim yata akong mabigyan ng "Most Punctual Award" sa Recognition Day kaya maaga akong pumapasok, isang tao lang kasi ang mabibigyan nun, kahit na four year levels at more than one thousand din kami sa school.

Okay, back to the story. Yeah, andito nga ako sa harap ng gate ng school namin. Alam nyo kung bakit? Kasali kasi ako sa contest. Yeah, you read it right. Kasali ako sa isang quiz bee, a science quiz bee to be specific. Sa totoo lang, nagulat ako na ako ang ilalaban ng school sa science quiz bee for the fourth year level. Dahil sa totoo lang, hindi naman ako the best eh. Kumbaga, academically, I'm not the best. Yung Top 2 namin eh sa Science Trivia kasali, tapos kung sino pa yung nangunguna sa klase eh yun ang hindi contestant. Ayos diba? Pauso yung school namin. Yun nga, pangatlo lang ako sa class ranking, at sa hindi ko malamang dahilan eh ewan ko nga ba kung bakit ako

third. Ewan lang. Tamad kasi ako eh. Super. Kahit nga assignment sa Math, hindi ko nagagawa eh, tapos magti-third ako? Ano naman yun? At tsaka hindi naman talaga ako "matalino" literally. Kumbaga, parang marunong lang ako, pero wala akong alam. Gets? Kung hindi, pakamatay na kayo. Joke ^\_^\

Okay, back to the story ulit. Grabe, dami kong chismis. Mag-isa lang ako sa harap ng gate ngayon kasi nga ang aga ko. Wala pa nga yatang tao sa loob ng school eh, siyempre maliban sa mga janitor at sa guard. Sila lang ang nasa loob. Tapos siyempre, ako, nasa labas lang. Hinihintay ko kasi si Pam (Oy, codename yan. Hahaha) kasi alam kong maaga rin siyang pumasok. Siya yung second namin, at siyempre, siya yung tinutukoy kong kasali sa Science Trivia. Ang talino nga niyan eh, grabe. Bilis magmemorize. At tsaka close kami. Medyo boyish kasi siya but in a good way. Magkasundo nga kami eh.

At yun nga, after 5 minutes or so, dumating na rin siya. Ayos nga eh, dala na naman niya yung laptop niya. Ako kasi, walang laptop. Mahirap ako eh. Pero yung ate ko hindi. Hahaha.

"Aga mo ah!"- Bungad niya sa akin.

"Siyempre. Trip lang."

"Hahaha, tara, dun tayo sa may flag pole."

At yun nga, pumasok na kami, pero malapit pa rin kami sa gate dahil yung flag pole na sinasabi niya eh nasa harapan lang ng gate, kumbaga eto.

Kalsada

Konting space

Gate

Konting space, then flagpole na!

Oo, basta ganyan. Imagine nyo na lang. Tapos nagkwentuhan lang kami ng kung anu-ano dun. Karaniwan tungkol sa Girls' Generation (Wiiitwiiww) o kaya naman sa masaklap na buhay ni Justin Bieber. Pero siyempre hindi lang yun yung mga pinagkukwentuhan namin, mga kung anu-ano pa na siguro makakarelate din kayo pero sa amin na lang yun, kasi sa totoo lang, hindi ko na maalala. Hahaha.

At siyempre, ifastforward na natin dahil luto na ang sinaing ko, eh dumating na rin ang mga advisers namin sa science club na sasama sa amin papunta dun sa contest, pati na rin yung ibang mga contestant ng school namin. Kami ni Pam ang contestant ng fourth year, at siyempre meron din sa first year, second year, at third year. Natatawa nga kami ni Pam kasi talaga namang may mga "brains" yung mga kasama namin. Kasi kaming dalawa wala eh, kahit meron konti lang. Hahaha. Meron din kaming kasama pang dalawa na contestant naman para sa collage at sa poster-making. Sayang nga eh, hindi sa year level namin kinuha yung mga contestant dun. Leche kasi yung year level namin eh. Hahaha, peace guys. I love you all.

At yun na nga, sumakay kami ng isang jeep? Hindi ko na maalala eh. Van yata. Basta ganun. Pero feeling ko jeep kasi yun ang nasa memorya ko ngayon, ang hirap mag-Google. Hahaha. Basta, nakarating naman kami ng matiwasay sa pagdarausan nung contest. Buenavista National High School, yan ang pangalan nung school. Ang cool nga eh, Buenavista. Yan yung nakikita ko nun dati sa ano eh, yung mga pelikulang Disney katulad ng Snow White, Cinderella, Peter Pan ganyan ganyan, pag natapos na yung movie. Yung may castle tapos blue yung background nung kulay tapos parang may dadaan na falling star tapos may nakalagay dun na Buenavista. Try nyong tingnan, dali!

And yun, pumasok na kami sa school na iyon. Wala lang, ordinary lang siyang public high school. First time ko ngang makapunta sa ibang school eh. Hindi kasi ako gala, good boy ako. Hahaha. At tsaka first time (as far as my knowledge is

concerned) kaming mag-out-of-campus para sa isang contest mula ng mag high school ako. Ewan ko kung bakit. Pero at least bago ako grumaduate naranasan ko diba?

And then we went for the registration. Fortunately, hindi naman kami yung nahuling dumating, though 8:30 na rin at sabi nila eh 8:30 (raw, yun ang naaalala ko) magsisimula yung contest proper. Mga Filipino nga naman, masyadong punctual nakakainggit. Tapos after all the registrations and everything, wherein number 24 ako sa registration which means naman eh pang 24 akong nagparegister sa mga contestant sa quiz bee fourth year level eh pumunta na kami sa quarters namin. Karaniwan sa mga contest na sinasalihan ko nung elementary, binibigyan talaga ang bawat school ng mga quarters. Sa totoo lang, beterano na ako sa mga contest, hindi ako nagyayabang. Elementary pa lang ako suki na ako ng contest eh. Wala lang siguro silang maipanlaban kaya ako na lang. Hahaha. Pero wag ka, nagchampion naman ako sa Science Quiz Bee at Arts Quiz Bee nung grade 6 ako no! Landslide pa ang score! Bwahahahahaha, ngayong high school lang talaga ako naging tamad.

We immediately went to our quarters, na kung saan sinamahan pa kami ng usher na dati kong classmate nung second year na kami. Kung bakit, eh basta napatalsik siya sa school namin kaya dito sa BNHS ang bagsak niya. Ang lupet nga ng school namin eh, pag may ginawa kang masama, parang sasabihin lang sayo na "Okay, tanggal ka na" and that's it. You're out. And yun nga, nakarating kami ng matiwasay sa quarter namin. Medyo weird kasi may kasama kaming iba pang mga estudyante mula sa ibang school. Medyo uncomfortable sa part ko yun dahil kahit madaldal ako, I hate exposures. They're killing me. Pero okay lang, mula sa private high school rin naman sila eh.

Hindi rin naman kami nagtagal sa quarters namin dahil pinaakyat na kami nung mga advisers namin to our respective, err, ano bang tawag dun, yung

pinagdarausan nung contest? Basta, isa siyang room tapos dun lahat magaganap ang mga bakbakan. Siyempre, magkakahiwalay kami. Napunta ako dun sa isang room na medyo malapit dun sa hagdan, contest area raw for the fourth year QUIZ BEE CONTESTANTS. Nung nakapasok na ako eh bigla akong kinabahan. Kasi naman, sasali ako sa contest na to eh kaninang madaling araw lang ako nagreview, like, hindi talaga ako nagrereview dahil nung sinabihan nila kaming magiging contestant kami eh 4 STUDYING DAYS (Kung meron mang ganun, basta nung Monday lang, eh Friday ngayon) before the contest proper kami na-inform, at tsaka kahit naman binigyan kami ng apat na araw para magreview at hindi na umattend ng mga klase, na ikinatuwa namin ni Pam, eh hindi rin naman ako nagrereview dahil nanunuod lang kami ng mga music video ng mga KPop singers sa laptop ni Pam (Uso Kpop na nun eh).

At tsaka sino ba naman ang hindi kakabahan kung makakakita ka ng mga contestant na mga seryoso, yung iba mukha pang nerd, yung iba akala mo huling araw na nila. Kasi naman, ang seryoso nila eh. Ako lang yata ang pa-easy-easy. Kasi naman, okay lang na matalo ako eh. Pero ngayon, ewan. Kakakaba. Ah!!!

Siyempre, naupo naman ako sa upuang nakalaan para sa number 24. Ayos, ganda ng upuan ko, ang daming vandal at parang may mining session na nagaganap sa desk ng upuan ko dahil ang daming crack at ang daming mga parang balon. Crap. Pano ako makakapagsagot nito, ang panget ng upuan ko?

Pero siyempre, hindi ko na lang pinansin yun. Paki ko sa panget na upuan. Siyempre, tahimik lang ako. Tiningnan ko pa yung cellphone ko, which is nakakagulat dahil hindi ako pinapayagan ng mga magulang ko na magdala ng cellphone, pampasira daw ng pag-aaral kahit na sirang-sira na ang pag-aaral ko dahil sa Farmville (Ah, Farmville, I don't miss you! Hahahaha), eh pinayagan nilang dalhin ko. Wow, what a change. May nakita naman akong



mga text message dun, tatlo. Mga "Good luck" messages lang mula kay Princess, na isa rin sa mga kaclose ko, at sa isa ko pang kaklase na nasa kabilang section. Basta, magkaklase pa rin kami, close kami eh. Hahaha, hanep diba, tatlo lang yung text? Hindi kasi ako mahilig magtext eh.

Ng maibalik ko na ang mobile phone ko sa aking bulsa, eh napatingin na lang ulit ako sa harap ko. Grabe, busy sila sa pagrereview, tapos ako nakatunganga lang? Sila lang ba ang contestant dito, ano ako, proctor? Supervisor? Transferee? Hanep, talaga. At sa pagtingin-fingin ko sa harapan ko eh nakilala ko pa yung kaklase ko nung elementary na kabarangay ko pa na kasali rin sa quiz bee. Nagulat nga ako kasi hindi ko ineexpect, hindi naman sa nanlalait ako or something, na siya ang contestant ng school nila dahil wala siya sa Top Ten namin nung Elementary pa kami. Grabe, people do change. So do I. Hahaha. Paquote lang mga Dre.

After some minutes, medyo naiinip na rin ako sa pagtunganga dun sa upuan ko. Grabe lang, ang tagal na, akala ko ba 8:30 ang simula ng contest? Anong petsa na ah, bagong taon na!

"Wala pa po kasi sila Ma'am. Nasa registration pa lang daw." Proctor no. 1

"Okay. Sige hintayin na natin." Supervisor yata. Basta I don't know her.

"Anong oras na ba?" Examiner

"Alas-nuwebe na eh." Proctor no. 2

"Ah. Maaga pa pala naman eh."

Grabe, anong oras na? Pinaghihintay nila kami eh. Sino ba yang pa-VIP na mga yan at ng mapatay?

Pero siyempre, mula ako sa isang disiplinadong paaralan, at siyempre, para na rin hindi gumawa ng eksena eh nanahimik na lang ako. Good boy talaga ako kahit hindi halata. Hindi nga halatang honor student ako eh. Hahaha.

After 5 minutes or so, bigla na lang nag-ingay yung mga teacher na nasa likuran namin. Siyempre, napatingin naman kaming lahat sa likuran, sa may pinto. At ayun, pumasok na ang mga hinihintay. Dalawa sila at both girls, actually. Nakasuot sila ng uniform ng school nila, maroon skirts at tsaka white blouse. Hmmm, mula sa public school?

“Sorry Ma’am we’re late.”

Wow, mga Inglesera.

“Okay lang. Dun na lang kayo umupo sa pinakadulo.”

At pumunta nga sila sa pinadulong mga upuan, yung malapit sa CR. Grabe, mas kawawa pa pala sila sa akin, kasi yung armchair nung upuan nila, sira na. O diba, how rude. Pero sabi nung teacher eh konting tiyaga lang daw eh makakatapos rin sila. Natawa lang yung dalawang babae at sabay pang huminga ng malalim, parang nagmarathon. Dapat lang, late na nga sila at pinaghintay pa kami, pag nag-inarte yang mga yan ipapahabol ko sa mga aso yan. Peace! ^\_^v

At siyempre, ako eh tumingin na lang sa harap ko. Wala na akong pakealam, sino ba sila? Hindi ko nga sila kilala eh. Sa totoo lang, wala akong kilala dito sa room na ito. Wala, siyempre, exempted na yung kaklase ko dati nung elementary na hindi ko rin makausap dahil busy magreview. Ako na talaga ang tamad, promise.

At sa awa talaga ng Diyos, nagsimula na rin ang contest. Grabe talaga. Dun ako mas lalong kinabahan. Eh aba naman, kelan ako huling napalaban sa mga contest na katulad nito? Grade 6 pa ako. Eh fourth year high school na ako

ngayon. Taon ang bibilangin ng pagitan mga dude, taon! So sa tingin nyo anong mararamdaman ko?

*Wala.*

Lychee kang conscience ka. Hey, meet may best friend nga pala, may conscience. Ayos yan eh, ang lakas niyan sa akin, kasi naman nung naghulog si Lord ng konsensiya sa mundo, milyong balde ang nasalo ko.

Okay, back to the ball game. Sa totoo lang, hindi naman pala kahirapan yung test. Forty items siya, at siyempre, more about Physics nga kasi Physics yung quiz bee. Alangan namang magsama sila ng Chemistry dito, kung nagkataon sila, magwo-walk-out ako. Haha, I hate Chemistry.

At sabi nga nila, lahat eh may katapusan dahil natapos rin ang exam. Medyo nahirapan ako sa gitna nung test, pero all-in-all, madali pa rin siya, medyo madali. Kasi yung iba hindi ko talaga alam, yung iba naman, paulit-ulit ko lang na binasa yun kaninang madaling-araw. At tsaka swerte ko kasi yung mga diodes diodes ek ek na sinabi sa akin nung Physics teacher ko eh kasama sa test, at siyempre naalala ko pa. Hahaha.

And after the teacher said na pwede na kaming lumabas, nagmadali na akong lumabas. Wala lang, nasusuffocate ako eh. Call me maarte, or call me whatsoever, pero ayaw ko lang nung surroundings ko. Ang sikip kasi, hindi ako sanay sa masyadong maraming tao. Sabi ko nga, I hate exposures. Lalo na ito. Kahit hindi ako ang main attraction. Just get the logic.

Nagmadali akong lumabas ng room na iyon na akala mo eh walang pakialam. Siyempre, pinauna ko muna yung mga teachers, at take note, binati ko sila ng "Good Morning" at ako lang yata ang gumawa nun. Nagulat pa nga yung mga teachers eh, at tsaka feeling ko pati na rin yung ibang mga contestant. Pano ba naman kasi, sa school namin, normal na ang bumati ng "Good

Morning, Ma'am" o "Good Morning, Sir" o "Good afternoon" dadada. Normal na talaga yun. At siguro hindi normal sa kanila yun. Ewan ko lang, para lang silang ewan, para silang nakakita ng artista nung bumati ako sa kanila.

Bwahaha, artista talaga? Feeler talaga ako ^\_^\

Nagmadali akong pumunta sa quarters namin para makipagkwentuhan kay Pam. Sabi ko nga, close kami eh. Kami nga lang din yung nag-uusap nun, yung ibang mga kasama namin sinasali namin pero hindi sila makarelate. Whatever. Pero siyempre friends kaming lahat kaya kelangan close kami. Yung mga first year nga lang, mga mahiyain. Ang sarap ngang tadyakan eh. Joke ^\_^\

Kumain na rin kami ng "before lunch snack" na pauso ko pa rin. Wala lang akong maitawag na term eh, pero as the phrase says, yun nga, snack before lunch. Bananacue ang kinain namin ni Pam nun eh. Yung mga kasama namin burger. Mga sosyal sila eh, kami na ang poor. Hahaha.

At after naming kumain, napagdesisyonan namin ni Pam na pumunta sa mga contest area para malaman ang mga scores. Habang pumupunta pa kami sa contest area, binabati namin ang lahat ng sa tingin namin eh mga teachers na nakakasalubong namin. At yun nga, para silang nakakakita ng mga artista sa tuwing ginagawa namin yun, nagugulat sila eh. Ang weird talaga.

At ng makarating na kami sa contest area eh nakita naming wala pa palang score yung mga nasa Science Trivia, kung saan kasali si Pam.

"Ay grabe, wala pa palang score yung sa amin." Pam

"Bakit?"

"Ay oo nga pala, bukas na nga lang pala sa awarding malalaman kung sino yung mananalo. Tapos na nga pala kami."

"Ganun? Yun lang yun? Walang kahirap-hirap?"

“Hahaha, tae sila. Yun lang yun.”

Siyempre, finingnan naman namin yung mga score ng mga kasali sa quiz bee, wherein dun naman ako kasama. Inuna muna namin yung sa first year, pasuspense effect lang. At tsaka ayaw kong makita yung score ko eh, nakakahiya. Baka zero lang. O kaya one. Hahaha.

“Wow, ayos, pangatlo si Ivan?”

“Wow, galing ah. Pang-ilan kaya ako?”

“Ewan ko. Galing talaga nung Ivan na yun.”

“Sinabi mo pa. Eh tingnan mo naman...”

At nagtawanan kaming dalawa. Bad ba kami? Pero hindi naman kami bully eh, sa totoo lang kasi, kung titingnan mo yung si Ivan, na hindi niya totoong pangalan, eh mukha naman talagang nerd. Kahit minus the thick glasses ang drama niya. Basta, mahahalata mo naman yun eh.

Sunod na pinuntahan namin eh yung sa second year at third year. Yan ang magaling, grabe, eh parehong second place yung dalawa?!

“Grabe, galing nina Ibarra ah!”

“Sila na, sila na ang magaling. Sila na talaga. Ako na ang tanga.”

Tapos tawanan ulit kami. Para nga kaming tanga eh, tumatawa na parang ewan. Pinagtitingnan pa kami ng mga tao nun. Pero wa-care. Feeling ko nga kaya lang nila kami tinitingnan kasi kakaiba yung uniform namin eh, iba ang kulay.

At eto na. Eto na ang the moment of truth. Sumilip kami doon sa contest area ng mga fourth year, kung saan ako pumasok kanina, at hinanap ang number ko.

“Number 24... ayun!”

“Asan?”

“Ayun!”

“Ah... what the 23?!”

“Ayos tol, 23 ang score mo!” Minsan tol ang tawag sa kin ni Pam eh. Okay lang, close naman kami.

“Hahahaha, talaga?!”

“Ay hindi, joke lang to, hindi yan 23, 32 yan.”

“Adik ka, mambabara pa. Di nga, 23?”

“Oo. Pangalawa ka pa sa mga private ah.”

“Oo nga no.”

Hiwalay kasi yung sa public high school sa private. So kung private lang ang magkakasama, pangalawa ako kahit 23 out of 40 lang ang nakuha ko. 24 ang score nung nanguna sa akin. At kung tatanungin nyo kung ilan ang score nung mga nasa public, ay grabe, ang laki ng difference. Kasi naman, yung nangunguna, alam nyo ba ang score? 38! Yeah, 38. Lychee, dalawa lang ang mali?! Tapos yung sumunod 37. Tapos yung sumunod 36. Lychee talaga sila, sila na ang magagaling. Tanga yata kaming mga nasa private. Pero sabagay, hindi naman ako nagreview eh, magreklamo pa ba ako?

“Tae, galing ng naka-38 at 37 ah! Ilan lang ang mali!”

“Number 50 at Number 49 yun.”

“Ah, yung mga late kanina.”

“Late?”

“Oo. Paepal nga eh, pagrand entrance. Tagal tagal naming naghintay dito, tapos sila eh pa-VIP access pa. Kaasar nga eh.”

“Bakit, saan bang school galing yung mga yun?”

“\_NHS” Hahaha, ayaw ko ng sabihin kong saang school galing. Hahaha.

“Talaga? Alin diyan?”

“Ha? Anong alin diyan?”

“Saan diyan? Andiyen ba sila sa loob?”

Since nasa labas kami, na nakasilip lang sa jealousy na bintana ng room, eh nakikita namin na meron namang mga tao sa loob. Karamihan eh mga contestant din, at yung iba nama'y mga sawsawero at mga sawsawera. Ganyan talaga pag mga contest, maraming epal, sanayan lang.

Hinanap ko sina Number 49 at Number 50, yun kasi yung mga number nila eh. Since sila yung nahuli, sila yung may hawak ng dalawang last number. Ang unfair nga eh, dalawa yung contestant nung school nila. Sabi kasi raw mula sa science class section yung isa, tapos yung isa eh hindi.

Nang mapadako ang tingin ko sa kanila, kung saan andoon pa rin sila sa pwestong inupuan nila kanina, eh nakita ko sila roon. Ngayon ko lang talaga sila nakita- as in nakita, yung tiningnan talaga. Naiinis kasi ako sa kanila kanina kasi todo hintay kami at sila lang pala yung hinihintay. Pero since wala ng hintayan mode at feel-free-to-look-at na lang ang drama nila, eh saka lang talaga ako napatingin sa kanila.

Si Number 49, well, eh si Number 49. Mukha talaga siyang may “brain” dahil naka-eye glass siya. So pag may eye glass, nerd agad? Hindi, what I mean is that mukha talaga siyang may “brain” kasi nahahalata talaga sa kanya. Mukha nga siyang masipag mag-aral eh.

Pero ng mapadako ang tingin ko kay Number 50, well, she's number 50. Wala namang iba doon. She looks cute. Yeah, she's cute. White complexion and everything. Shoulder-length, black hair. Cute eyes. White teeth with braces. Pero kahit may brace siya, cute pa rin. Siya ang hindi mukhang nerd.

"Oo."

"Alin diyan?"

"Yung nakauniform ng pang \_NHS."

At tumingin naman si Pam sa dako nila, doon sa malapit sa CR.

"Ah, sila?"

"Oo."

"Kilala ko yang mga yan ah..."

"Talaga?"

"Oo... parang nakita ko na dati."

"Ah, swerte mo ah."

"Bakit naman swerte?"

"Wala. Cute nung number 50 ano?"

"Oo Tol."

"Kaya nga."

"Crush mo?"

"Crush agad? Diba pwedeng cute lang talaga siya kaya nasabing cute?"



“Hahahaha, suit yourself.” Taray, inglesera yang si Pam. Siyempre, mula kami sa English-speaking school. Hahaha, yabang ko.

“Pero ang cute niya no?” Tingin pa rin ako sa kanya. Saka ko lang talaga napansin na ang cute niya. Lalo na pag tumatawa siya, lumiliit yung mga mata niyang cute, para tuloy siyang Chinese or Japanese or something.

“Oo na, cute na. Lamunin mo na kaya.”

“Shit ka.”

“Oy, walang hiya ka.”

“Hahahaha.”

“Tara na dun, tara na sa quarters. Sabihin na rin natin kina Ma'am na meron ng mga score.”

“Sige.”

At bago kami umalis, sumilip muna ulit ako sa bintanang gawa sa jealousy. Nang tumingin ulit ako kay Number 50, sakto namang napatingin siya sa labas, sakto sa parte kung saan ako nakatingin. Siyempre, may hiya ako kaya umiwas na lang ako ng tingin.



Pumunta na nga kami sa quarters namin. Nakakahiya ngang sabihin na 23 lang yung score ko, pero okay lang dahil ang importante eh kasama ako sa top 10. Pero sa totoo lang, kahit ilan yata ang score ko dahil siyam lang kaming private school sa buong kalupaan ng probinsiya namin, kaya naman kahit anong

mangyari eh kasama pa rin ako sa top ten. Grabe, pauso talaga ng mga head dito sa amin o. Para namang may choice pa kaming mga representative mula sa private. Pano kung ayaw na namin, makakaayaw ba kami? Eh siyam na nga lang kami eh, dapat hindi na kami nag-take nung First Phase na yun!

Pero siyempre, sabi raw eh yung score mo raw sa first phase eh kasama sa overall scores kaya dapat lang kunin yung test. Okay, fine. At least nakaranas ulit ako ng ganito kahit bago ako grumaduate ng high school. Experience rin.

At ng marinig namin ang signal na magsisimula na ang Phase 2, ang ewan ko ba kung ano yun, eh pumunta na kami ng contest area. Basta yung Phase 2 eh parang written exam din pero yung isusulat mo yung sagot mo sa isang papel tapos che-checkan siya bago mag-proceed sa next question. Basta ganun yun.

Siyempre, pag pasok ko ulit sa room na contest area ng mga fourth year eh napatingin ulit ako sa upuan ni Number 50. Sorry, hindi ko pa siya kilala eh. Basta number 50 lang ang tawag ko sa kanya, number 50 kasi siya sa mga contestant. Nang tumingin ako sa kanya eh nakatingin rin naman siya sa akin. Ayaw kong maging assuming, pero bakit siya nakatingin? Like, duh?!

Pero siyempre, deadma pa rin ako. Close kami, close? Ni hindi ko nga kilala eh, ngayon ko lang yata yan nakita. Pero basta cute siya, tapos. Bahala na kayo kung sabihin nyong hindi siya cute, basta para sa akin, cute siya.

Nagsimula ang Phase 2 ng matiwasay. Hahaha, grabe, siguro sa kanila, matiwasay. Eh sa akin, sa tingin nyo? Lychee, ni hindi nga ako makasabay eh! Ni hindi ko alam yung mga tanong, lychee talaga! Buti na nga lang a, b, c, at d siya kaya mas madali, mas madaling maghula. Hahaha. Buti nga yung iba nasagutan ko eh, kahit 5 lang. 3 points each yata yun o 2, basta wala na akong paki. Basta maka-score lang ako kahit 5, pwede na yun. Lychee talaga, wala akong alam. Hahaha. Yung isa pa ngang tanong doon eh ano raw tawag doon sa mga salamin na meron sa mga convenience store katulad ng 7-

eleven. Eh hindi ko alam yung sagot. Nagdalawang-isip pa nga ako eh. Hahaha. Tapos mali rin pala. Kaya dito ko natutunan ang- whatever your instinct is, kung wala kang makopyahan, follow it dahil wala ka na talagang choice at kailangan mong isagot iyon dahil minsan tama! Siguro kung sinunod ko yung mga instinct ko, baka out of ten eh naka-walo ako. Eh since wala akong paki sa instinct ko nung araw na iyon eh lima lang ang nakuha ko. Badtrip kahit wala akong karapatang ma-badtrip.

Natapos ang Phase 2 na para akong timang. Nakasurvive ako. Pero siyempre, dahil lima lang ang tama kong sagot, at yung ibang mga kasama ko sa private high school eh nakapuntos ng mas marami sa akin, eh mula sa pagiging pangalawa eh naging pang-anim na lang ako. Hindi na ako nagulat doon. Grabe, mage-expect pa ako eh etong mga to nagreview samantalang ako hindi? Diba! Wag naman sana akong feeler. Buti nga pang-anim pa eh.

At ang mas masaya eh nagbreak pa ang examiner. Ayos diba, sila may break kami wala?! Pero at least pahinga rin sa part ko yun, ang hirap kayang manghula ng mga sagot! Wala man lang makopyahan eh, one seat apart kami!

At siyempre, dahil wala kaming ginagawa eh hindi ko maiwasang mapatingin kay Number 50 girl. Okay, nakikipagdaldalan ulit siya doon kay Number 49 at doon sa isang contestant na kilala ko dati nung elementary dahil nakasama ko na siya sa Math quiz bee ba ang tawag doon... basta may specific na tawag doon eh hindi ko lang maalala. Yun nga. Sobrang close nila. Siguro mga suki na rin ng mga contest to. Karaniwan kasi, pag may mga ganyan na mga close eh ibig sabihin niyan, karaniwan, eh mga suki talaga ng mga contest yan. At tsaka halata naman eh. May bago ba dun?

Ang mas ikinagulat ko eh napatingin sa part ko si Number 50 girl. Siyempre, tumingin din ako. Hindi ko nga alam kung bakit eh. Tumingin siya sa akin for

about three seconds, four seconds, I don't really know. Pero basta ibinalik niya lang ulit yung tingin niya doon sa mga kausap niya.

Hindi lang yun yung first time na nangyari yan, dahil apat na beses lang namang nangyari yan within the breaktime before Phase 3. Grabe naman kasi, kaya pala ang haba ng breaktime eh nakikipag-chikahan pa yung examiner sa mga teacher sa likuran! How nice! Diba!

At ng mapagdesisyunan nilang magsimula na eh napahinga naman ako ng maluwag. Hindi na ako nage-expect na mapasama kahit sa top 5. Grabe, eh feeling ko nga ngayon pa lang tanggal na ako eh. Pagkatapos kasi ng Phase 3, may experiment phase pa at doon malalaman kung sino talaga ang mga mananalo. Ewan ko nga kung anong price eh. Bahala na sila. Basta ako representative lang. Hahaha, kahiya ako.

Nagsimula na ulit ang contest proper at Phase 3. Matiwasay itong nagsimula, ngunit delubyo sa parte ko. Grabe, eh kung mahirap na ang Phase 2, paano pa ang Phase 3? At tsaka lychee naman, eh wala ng choices eh! Kung meron mang choices, grabe, hindi lang dudugo ang ilong mo sa mga English nung mga choices, mapapa- "Ha?" ka rin dahil talaga namang hindi mo rin maiintindihan yung mga tanong. Buti ba naman sana kung may copy kami nung mga questions, eh wala. Grabe naman kasi talaga, pahirapan ba kami? Pero siyempre, may contest bang madali? Kaya nga may contest eh, para malaman kung sinong pinakamagaling. Pero siyempre, hindi naman ako kasama doon. Meron akong self-esteem, pero sa mga eksenang ganito, eh wala akong laban mga Dre. Talo ako eh. Hahaha.

Siyempre, dahil mahiwaga ang "Hula skills" ko kanina eh ginamit ko ulit yun. May choice pa ba ako? Swertehan na lang talaga. Doon nga sa mga may choices, which is pitong items out of ten, eh nagi- enie meenie pa ako. Ang hirap nga kasi talaga eh.

Pero alam nyo ba? Ang mga hula skills ko eh gumana! After all the hard work and all the massive efforts that I had given, I ended up having five correct answers, again! Yeh! At dahil nakalimang tama ako, na five points each yata, hindi ko na rin tinangka pang alamin kung five points each nga, eh nakapasok na naman ako sa top five sa mga private. I ended up being the third place as of Phase 3. Pero siguro kung hindi kasama yung score ko sa Phase 1, baka pangpito lang ako. Hahaha.

At siyempre, dahil sa busy na ulit ang examiner at ang mga teacher eh napatingin ulit ako sa kanya. Sino pa ba, eh di kay Number 50. Tek, bakit parang mas gumaganda yata siya? Tawa pa rin siya ng tawa, o di naman kaya'y nakikipag-usap pa rin siya. Grabe, dami niyang friends ha. Ako na ang loner. I hate exposures kasi eh.

At dahil nakatingin ako sa kanya eh nakikita ko na napapatingin din siya sa parte kung saan ako nakaupo. Grabe kasi ang layo ko sa kanya eh, ako malapit sa pinto, tapos siya doon pa rin sa malapit sa CR, eh ang layo nun. Parang wall-to-wall. Hindi ko nga marinig yung mga pinag-uusapan nila eh. Tapos medyo diagonal kasi yung upuan ko sa kanya kaya naman kitang-kita ko talaga siya. At kapag napapatingin siya sa akin, ewan ko pero napapatingin din ako sa kanya. Three-second staring. Tapos iwas na ulit siya. Ewan ko pero hindi ako nahihiya. Walang hiya ako eh. Hahaha, joke lang ^\_^

“Okay, students, pwede na kayong lumabas.”

Aba, lychee tong examiner na ito, may paki ba sa amin ito? Eh parang hangin lang kami eh. Pero siyempre, no choice, kailangan naming lumabas.

“Ay teka lang, meron pa tayong experiment phase. Tatawagin na lang namin kayo by fives kaya doon muna kayo sa labas. Siguro mga after 30 minutes pa yun. So makakapagreview pa kayo, okay?”

“Yes Ma'am, thank you po.”

Siyempre, mabait akong bata kaya ako ang nagsabi niyan. Napapatingin na naman nga sila sa akin eh, para lang akong alien. Feeling ko hindi bumabati sa mga teachers tong mga to, at itong mga teachers naman na mga ito eh hindi sanay ng binabati ng mga estudyante. Well, swerte ng mga teachers namin, gasgas na gasgas ang pagbati.

Bago ako lumabas eh tumingin muna ako sa kanya. Of course, kanino pa ba. Kumbaga, huling sulyap bago lumabas. Nagiging hobby ko na yata ang pagtingin sa kanya, o baka wala lang talaga akong magawa sa buhay kaya ganito. Nang mapatingin ako sa kanya eh nakatingin na naman siya sa akin. Ewan ko ba pero siyempre ayaw ko namang maging assuming no, pero nakaramdam ako ng pride nung makita ko siyang nakatingin sa akin. Pero since hindi ako laking assuming eh inisip ko na lang na dahil sa uniform kong asul na asul kaya hindi ko na lang talaga pinansin masyado. Napagdesisyunan ko na lang talagang bumalik ng quarters namin.



“Wow, talaga?”

“Oo, grabe, hinulaan ko nga lang yung mga sagot ko doon eh. Hahaha.”

“Grabe, may tama ka naman?”

“Siyempre. Lima. Hahahaha!”

At tawanan ulit kami ni Pam. O diba, para lang kaming mga baliw eh no? Ganyan talaga kami, masanay na.

“Oy, tulungan mo naman akong sagutan ito.”

“Ha, ano yan?”

“Yung tanong sa Science Trivia. Buti pa yung kina Manuel, maddali lang.”

“Weh?”

“Ay hindi, joke ulit, mahirap lang siya, mahirap. Oversees.” Hahaha, yung oversees, plural form ng “Over” na sikat na sikat na expression sa amin nung high school pa kami. Para maiba, nilagyan ng ses para plural. O diba, pauso ulit. Iba kasi ang lengguwahe namin eh. Pauso lang din ulit.

“Mahina ako sa logic, hindi ko maintindihan.”

At yun na nga, nagsagot na lang siya doon sa tabi. Andito kami ngayon sa may malapit sa hagdan. May mga desk kasi dito kaya dito kami tumatambay, at tsaka kailangang tumambay kami dito kasi baka biglang tawagin yung mga contestant ng mga Fourth Year sa quiz bee, eh di at least nasa paligid lang ako. Saka ko lang naramdaman ang pressure nung quiz bee. Feeling ko kailangan ko talagang manalo. Lychee, bakit hindi ba ako nagreview?

“Oy, mga contestants, pwede na kayong pumasok pero by fives ha.” Tae, teacher ba yan? Kung makasigaw, dinaig pa ang megaphone? At tsaka “by fives?” What the.

“Oy, Pam, tawag na kami ha.”

“O sige. Dito lang ako.”

“Okay.”

Papasok na sana ako ng room ng makalimutan ko yung ballpen ko. Siyempre, bumalik ako kay Pam para kunin yung ballpen ko. Gamit niya kasi sa pagsagot. Asan ba ang ballpen ng babaeng ito?

“Oy, ballpen ko! Dali, magsisimula na kami.”

“Ha, teka, o eto!”

At nagmaddali na ako pabalik ng contest proper. Pero siyempre, nagulat ako dahil nakasarado na yung room. Hindi ko na nagawang kumatok dahil nagmamadali na nga ako. Nang makapasok ako eh nagulat ako dahil si Number 50 agad ang bumungad sa akin. Feeling ko nga namula ako eh.

“Hijo, bakit ka andito?”

“Ha, ano po? Ah... diba po-“

“Hindi ka na pwedeng pumasok dito, next batch ka na.”

At napahiya ako doon. Aba’y malay ko na may first five na palang pumasok. Eh kanina lang eh wala eh. At napatingin ulit ako kay Number 50, at namula na naman yata ako.



Okay, fast forward na natin ang mga pangyayari. Hindi ako nakasama sa next batch dahil may pila pala. Lychee, aba’y malay ko na may pila pala?! Kaya no choice ako kundi sa last batch sumama, siyempre sila na lang kulang eh. May nakausap pa nga ako, hindi ko naman kilala, pero kilala ako. Adik lang diba. Ganun ako kasikat eh. Hahaha, joke lang ^\_^

Since wala naman talaga akong choice eh tambay lang ako sa labas ng contest proper. Hindi ko na makita si Pam doon sa upuan na inuupuan niya kanina kaya loner na ulit ako. Grabe, saan ba pumunta yung babae na yun? Wala tuloy akong makausap. Bukod dito sa katabi kong kilala ako pero hindi ko naman kilala na kinakausap ako eh wala na akong makausap pa. Bored na nga ako eh.



At sa wakas, natapos na rin ang first three batches. Grabe, ang tagal ha. Si number 50 nga eh saka lang lumbas after the third batch, kasama si number 49. Feeling ko nga magkaklase tong dalawang to eh. At ng mapadaan ako sa kanila, kasi nakaupo sila doon sa bandang gitnang likuran na malapit sa pinto, eh napatingin na naman siya sa akin. Siyempre, tititigan ko rin, akala niya wala akong "Titig powers" na na-acquire? Ngayon ko nga lang nagamit yun eh, kung meron man.

At ng maupo na ako sa station 2, kung saan ako unang nakaupo, eh nagsimula na rin ang experiment phase. Lima kasi ang available stations, at bawat stations eh meron mga bagay-bagay na related sa Physics na parang experiment. Sa loob nung sobre na nakalagay sa table ng bawat station na iyon eh nakalagay ang tatlo hanggang limang mga tanong na may mga respective points. May oras ang bawat station, kaya kung times up, eh di times up. Kahit hindi ka pa tapos, wala ka ng magagawa.

At sa tingin nyo ba may alam ako? Tae, wala. Hindi nga ako nagreview diba? Wala nga akong kaalam alam eh. Buti na lang may tanong na related sa sounds, tungkol sa Acoustics dahil doon lang talaga ako nakarelata. Yung merong matchbox na ginawang gitara, at yung mga tanong naman eh kahit papaano eh alam ko na yung mga sagot. Pero yung nasa ibang stations, lychee talaga, buti na lang nabiyayaan ako ng English prowess kahit konti kaya naman nakalusot ako. Dinaan ko na nga lang sa pambobola o kaya nama'y common sense yung mga sagot ko doon eh. Bahala na talaga si Batman.

At siyempre, fast forward ulit, eh hinintay na lang namin yung resulta kahit kinabukasan pa ang awarding. Siyempre para malaman na rin kung sino ang mga nanalo diba, sayang naman kung pupunta kami tapos wala naman palang nanalo. Pero siyempre, imposible yun, dahil yung mga first year to third year eh maganda ang performance. Ako lang ang hindi. Huhuhu. T\_T

Akala namin eh madali lang yung resulta, yun pala eh ang tagal. Inabot na kami ng four-thirty eh wala pa rin. Grabe. Kasi naman, kung magtatagal kami, wala na kaming masasakyan. Ganito kasi sa probinsiya, kahit mukhang maaga pa lang eh wala ka na talagang masasakyan, hindi naman kasi karamihan ang mga tao eh.

Ng mag-five o'clock na eh umalis na yung mga kasama namin, kasama si Pam, at naiwan na lang ako at yung isang adviser namin. Hinintay na namin yung result, at sa awa talaga ng Diyos, at magugulat man kayo pero totoo, SECOND RUNNER-UP ako. Grabe diba, hula lang pero nagthird place pa. At ang mas nakakagulat, 0.5 lang ang lamang nung first runner-up sa akin, kasi 57.5 yung score niya, 57 ako. Tapos yung Champion eh 66. Yung score nung mga nasa public eh hindi ko na maalala, pero nasa 100 plus yun. Kahiya nga kami eh, ang layo ng gap.

Okay, less about the contest proper. Siyempre, after knowing the result of the contest eh napagdesisyonan na naming dalawa nung adviser namin na umuwi na rin. Alangan namang mag-stay pa kami diba? Wala na rin naman kaming gagawin doon.

Pauwi na kami ng mapadaan kami sa isang grupo ng mga babae, mga babae mula sa \_NHS. Pero ang mas ikinatuwa ko eh andoon si Number 50. Nakatingin na naman siya sa akin, at siyempre may "titig powers" ako kaya nakipagtitigan din ako sa kanya. Saka ko lang napansin na hindi siya ganoon katangkad, hindi kasi halata nung nakaupo siya kanina dahil may poise siyang umupo. Medyo lang. Pero at least hindi siya katulad ko na kukuba kuba kung umupo, akala mo hunchback.

Nang makalampas na sila, napangiti pa ako. Wow, that's a first.

Excited akong umuwi sa bahay kahit wala na kaming masakyan. Grabe, sabi na nga ba eh, wala ng jeep. 5 o'clock na kasi nun, eh karaniwan kapag

papuntang kabisera eh wala ng mga jeep na dumadaan sa ganitong oras. Kaya ng may tricycle na dumaan, wala na kaming nagawa kundi arkilahin iyon at magbayad ng 100 daan bawat isa. Doon ko rin napansin na nawala ang wallet ko, at siyempre, nawala ang pera ko. Buti na lang libre kami sa pamasaha ng school namin kaya ligtas pa rin ako. Simula nun, hindi na ako gumagamit ng wallet. Promise.

Siyempre, nang makarating na ako sa bahay eh ang magandang balita agad ang isinalubong ko. Siyempre, proud na proud sila sa akin, kahit na sa totoo lang eh hinulaan ko lang talaga yung mga sagot ko. Siguro tsamba lang yun. Swertehan, kumbaga.

Dahil maaga akong nagising kaninang madaling-araw eh maaga rin akong natulog ngayon. Pero kasama sa panaginip ko eh si Number 50 na hindi ko pa rin alam ang pangalan. Weird.



Kinabukasan, excited na excited akong makabalik ng BNHS. Siyempre, unang-una, dahil sa “award” na matatanggap ko, at pangalawa, dahil kay Number 50. Yung award eh siyempre, nakakaexcite talaga. Kasama rin yung makukuhang medal sa mga koleksiyon ko, paramihan kami ni Ate eh. 50 na yata yung sa kanya, eh akin mga 30 pa lang. Aktibong bata yung si Ate eh, hindi katulad ko. Yung iba ngang medal ko, kung hindi dahil sa honor student ako o nanalo sa contest o kung hindi special award sa school eh mga award na napapanalunan ko dahil sa Ate ko. Kung paano, sa akin na lang yun, nakakapagod itype dito eh. Hahaha. Pero basta, mas magaling si Ate sa akin, kaya mahal na mahal ko yan eh, kahit hindi ko pa nasasabi sa kanya. Hahaha.

At siyempre, siyempre talaga, eh ngayong araw ko talaga malalaman kung ano ang pangalan ni Number 50. Hindi ko talaga alam pangalan niya eh. Paano ko malalaman? Kasi, first runner up siya sa mga public high. Galing niya no? Beauty with brains. At yun nga, dahil hindi ko alam ang pangalan niya eh hindi ko siya mahanap sa FB. Tsk tsk. Kawawa naman ako.

At ng dumating na kami sa BNHS, siya agad ang una kong hinanap. Ewan ko ba kung bakit. Hindi naman ako yung tipong naghahanap sa mga babae eh. Siguro, kapag inuutusan lang ako ng mga teacher namin tapos babae yung mga tatawagin ko, or some other situations, pero yung ganito, hindi talaga. NGSB nga ako eh, "No Girlfriend Since Birth." Mabait talaga akong bata eh. \*Halo... ting!\*

Pero sa kasamaang palad, hindi siya sumipot. Hindi na raw nakarating yung mula sa \_NHS. Nung nalaman ko yun, talaga namang nakaramdam ako ng disappointment. Nung natawag na ako, tinago ko na lang yung disappoint na yun. Okay lang, at least nalaman ko na rin yung pangalan niya. "Marlene." Ayos nga eh. Medyo kakaiba pero pwede na. Bagay nga sa kanya. At siyempre, for privacy purposes, iniba ko ang pangalan niya.

Nang makauwi ako sa bahay, pumunta agad ako sa bahay ng Tita ko para makigamit ng laptop nila. Wala kasi kaming broadband at wala pang laptop si Ate kaya nakihiram muna ako kina Tita.

Agad akong naglog-in sa FB. Siyempre, ang unang-una kong ginawa eh hinanap yung pangalan niya. At yun, yung maganda niyang mukha ang bumungad sa akin. Ganda niya talaga. Hindi na siya cute, maganda na siya para sa akin.

At dahil curious ako, at siyempre, gusto kong malaman ang tungkol sa kanya eh finingnan ko pa ang profile niya sa FB. Wala akong masyadong nakita kundi pangalan niya lang at yung gender niya. Nakahide siguro yung mga infos, hindi

pa kasi kami friends eh. At siyempre, in-add ko siya. Kahit wala akong kamutual friends sa kanya. Sana naman i-accept niya.



After one week...

“Grabe, wala pa rin?”

“Ha?”

“Ay, wala.”

“Ano yun?”

“Wala, wala talaga.”

“Ah. Adik ka, napatalon ako sa gulat sayo.”

Ito na nga eh. After a week, wala pa ring nangyayari. In-add ko na siya ONE WEEK ago, pero hindi niya pa rin ako ina-accept. Nakakainis lang.

“Uwi na tayo Pam, wala na akong pera eh.” Wala na talaga akong pera. Tira na lang kasi sa baon ko yung ginamit ko para makapag-surf ng net sa computer shop. Mas mabilis kasi ang internet nila kesa sa bahay. Eh sa broadband namin, GPRS lang ang drama. Kaasar nga eh, ang bagal.

“Sige. Buti nadownload ko na yung bagong music video ni Kim Hyung Jung.” Grabe, adik talaga kay Ji Hoo ng Boys Over Flowers yang si Pam eh. Eh ako hindi, so wala lang akong paki.

Ila-log-out ko na yung FB account ko ng magulat ako na biglang nagkaroon ng notification sa FB ko. Since 2 minutes pa naman bago maubos yung oras ko eh tiningnan ko na rin.

*Marlene has accepted your friend request.*

“Shit! Shit, shit, shit!”

“Ano yun?”

“Wala. Tara na.”

“Teká, bayad muna ako.”

“Teká, ako rin.”

Hindi ko na maitago yung smile ko. Grabe. Friends na kami sa FB, friends na kami. Sayang, wala na akong pera, gusto ko pang mag-FB eh. Kaso nga wala na talaga akong pera, at tsaka anong oras na rin kasi, wala na akong masasakyan pauwi.

Nang makalabas naman kami ng computer shop, agad-agad naman akong tinanong ni Pam.

“Oy, adik ka, bakit ka nagmumura doon?”

“Ha?”

“Bakit pashit-shit ka pa? Buti hindi malakas.”

“Wala. Wala lang.”

“Ayos ngiti mo ah. Bang-aw ka?” Bang-aw means asong ulol.

“Hindi. Masaya lang.”

“Aiiyyeehh, umiibig na.”

“Kapag masaya, umiibig agad? Hindi ba pwedeng masaya lang talaga?”

“Okay, suit yourself.”

At napangiti pa akong lalo. *Okay, friends na kami.* Bago umuwi eh dumaan muna ako sa tindahan ng samalamig para bumili siyempre ng samalamig at sumama na kay Pam papunta doon sa tambayan namin. Actually, ang tambayan namin eh yung paradahan ng mga tricycle at jeep katabi ng highway. May parang bakod kasi doon na hinihiwalay yung palengke mula sa paradahan na pwede mong upuan. Meron din iyong curvy na bubong kaya okay kahit tumambay ka doon kahit anong oras. Eh hapon na ngayon kaya hindi na rin naman mainit.

Nang makarating sa tambayan namin eh naupo na lang kami doon.

“Ted, may gagawin tayo bukas.” Si Sharlie, classmate ko. Actually, kapareho ko ng apelyido yang babaeng yan eh kaya close kami. Para na rin nga kaming magkapatid. Kung hindi magkapareho ang apelyido namin, baka hindi kami close. Hahaha. Joke lang ^\_^\

“Ano?” Ako.

“Yung para doon sa bulletin board. Grabe, wala pa tayong nalalagay kahit para August doon. Anong petsa na, magse-September na. Wala pa tayong plano para sa September. Ano na?”

“Sige sige, bukas na lang.”

“Sinong magde-design?” Lucky.

“Ikaw Lucky, ikaw. Ako nga ang Project Manager eh, malamang ako.” Sharlie

“Adik ka, do you want to die me now?” Lucky

At tawanan na naman kami. Grabe talaga ang English niyang si Lucky, akala mo hindi dumaan ng high school eh. Pero love namin yan, mabait yan eh.

“Hahaha, adik ka.”

“Sige na. Bukas na lang. Kina Rachel tayo.”

“Ha? Oy hindi pa alam ni Rachel yan ah.”

“Hahaha, pasok na lang tayo sa bahay nila.”

“K.”

Nagdaldalan pa kami doon. Ang tagal nga eh. Tapos nung nag 5:45 na, napagdesisyunan ko na ring umuwi dahil dalawa na lang ang tricycle na nakaparada papunta sa barangay namin. Ayaw ko kasing magjeep eh.



Dumating ang kinabukasan at pumunta nga kami sa bahay ni Rachel. Grabe, wala talaga siyang kaalam-alam. Nanggulat na lang kami. Parang trick or treat lang eh. Buti na lang mabait yung lola niya kaya nakapasok pa rin kami. Siyempre, kami pa.

“Oy, kain tayo doon Ted.” Sharlie

“Wala akong pera. Hahaha.” Ako

“Bila na lang tayo ng bananacue.” Sharlie

“Diet ako, diet?” Ako

“Eeehhh... sige na. At tsaka samalamig.”

“Sige na nga.”

Kahit ayaw kong gumastos nun eh napagastos ako. Hindi rin kasi ako gutom eh. At tsaka magkano lang naman yung binili namin.



“Oy teka, daan muna tayo comp shop, search muna tayo ng ilalagay doon sa bulletin board.” Sharlie

“Ngayon na?” Ako

“Oo. Para tapos na agad. Pati wala yatang ink yung printer nina Pam eh. Pam no?” Sharlie

“Oo, wala. Naubusan kami kagabi, hindi ko tuloy maipaprint yung research ko sa Physics.” Pam

“Ikaw Lucky, wala kayong printer?”

“Sira na yung printer namin, parang timang, tumitigil kapag nakakalahati na. Hahaha.” Lucky

“Feeling ko mana lang sayo yung printer nyo.”

“K.”

Lukaret talaga to.

Siyempre, since ako ang class mayor, or shall I say, class president eh ako ang nagsearch. Ewan ko nga kung paano ako naging class mayor eh. In-elect lang naman kasi nila ako kasi ang sipag ko raw maglinis sa area namin nung first week of classes. At tsaka lahat raw ng kaklase namin eh friends ko. Totoo naman yun eh, naging masipag ako nung first week na maglinis ng kung ano-ano, at tsaka lahat talaga ng nasa room namin eh friends ko. Pero yung mas malalim na dahilan kung bakit ako ang na-elect na class mayor, eh hindi ko na alam. Baka wala na talaga silang choice kasi yung dating lagi naming class mayor eh president na ng Student Government ng school.

At dahil sa mabilis rin akong gumamit ng computer eh natapos ko rin agad ang pagreresearch. Copy-paste nga lang ang ginawa ko eh. Pero siyempre in-edit ko pa yun, kasi naman, sa Wikipedia ko pa siya kinuha, eh ang daming mga

naka-superscript at naka-underline doon. Madali rin namang mag-edit eh, shortcut keys lang din ang gagamitin.

“O ayan na, tapos na.” Ako

“Bilis ah.” Lucky

“Mabilis talagang gumamit ng computer yang si Ted.” Sharlie

“Weh?” Pam

“Mga adik kayo!” Ako

Tapos tawa lang ulit sila. Doon ko lang napansin na kumakain sila ng cornetto, courtesy ni Lucky. Tingnan mo tong mga to, ni hindi man lang ako binigyan? Hindi ko na lang pinansin, hindi rin naman ako mahilig sa cornetto. At kung paano sila nakabili nun, hindi ko na rin alam. Busy ako kanina eh.

At dahil gumagamit na rin naman ako ng computer, at 7 minutes na rin akong gumagamit niyon, eh nilubos lubos ko na. Kahit kasi isang minuto ka lang gumamit nung computer, sampung piso pa rin ang singil. Kaya para fair, magti-thirty minutes ako parang sampung piso pa rin.

Siyempre, bukas agad ng FB. At ang ikinagulat ko, ONLINE SIYA, si Marlene!

“Oh my God.”

“Oy, adik ka na?” Lucky, sabay dila sa cornetto. Adik talaga tong babaeng to.

“Hindi.”

At ako? Hindi ko alam kung anong gagawin ko eh. Makikipag-chat ba ako? O deadma na lang? Ano?!

Sa huli, napagdesisyunan kong makipag-chat sa kanya, nakakahiya man. Here goes nothing.

From: Ted

Hi. =)

After thirty seconds or so, nagreply siya.

\*pop\* - tunog ng message sa FB. Pauso na naman ako.

From: Marlene

Hi.

=)

Oh nosy nose. Anong sasabihin ko?

From: Ted

Musta?

Lychee, parang ang feeling close ko naman. Bahala na.

From: Marlene

Okay lang.

Shit. WhatamIgonnado?

From: Ted

Ah. Okay.

From: Marlene

=)

And then I was stuck. Hindi na nga ako makagalaw nun eh. She talked to me. She talked to me right? Kahit sa FB lang. Ah!!!

Lumabas pa ako ng computer shop nun kahit nakalog-in pa rin ako. Paglabas ko, napansin kong andun pala sina Rachel at Lyla sa labas.

“Ah!!!”

“Oy, problema mo, bakit ka namumula?” Rachel

“Wala, wala.”

At iniwan ko silang nagtataka doon. At siyempre, pagpasok ko sa loob eh nagtatakang sina Sharlie, Pam, at Lucky ang sumalubong sa akin. Nakita ko rin si Ara na kasama na nila. Grabe, hindi ko siya napansin kanina.

“O, anong nangyari?”

“Wala.”

At bumalik ulit ako sa pagkakaupo. Nang mapatingin ako sa orasan ng computer shop, nagulat ako dahil twenty five minutes na pala akong gumagamit doon. Grabe, twenty five minutes agad?

“Oy, bilisan mo na diyan, pupunta na tayo kina Rachel.” Pam

“Okay. Okay. Give me a sec.” Ako

At siyempre nataranta na ako. Last five minutes. Anong sasabihin ko? At hindi ko namalayang nagtanong na pala ako sa kanya.

From: Ted

Pwedeng mahingi number mo?

From: Marlene

Oo.

Holy cow. Holy shit. Fnck.

From: Marlene

0908\*\*\*\*\*

From: Ted

Thanks. Text you later.

From: Marlene

=)

Kinopy ko muna yung number niya sa pamamagitan ng MS Word dahil wala akong dalang cellphone. Pagkatapos, sinave ko iyon sa USB na dala-dala ko lagi. Naglog-out na ako sa FB, nagbayad sa counter, at lumabas ng comp shop na iniwan sina Sharlie sa loob. Ng makalabas na ako, kaya ako nagsisigaw. What the, this is one heck of a day.



Hindi ko alam kung anong magiging reaksyon ko sa nangyari kanina. Matutuwa, maiiyak, ewan. Basta. Masaya ako eh. Nagtataka na nga yung mga kaklase ko sa akin eh. Bakit daw ako parang sira. Eh siyempre sino ba naman ang hindi masisiraan kapag ganun, diba? My God, my crush just talked to me! And she even gave me her number! Like that's insane!

Hindi rin ako nakatiis, sinabi ko kay Pam. Close naman kami, at tsaka reliable din yan. Hindi ko muna sinabi sa iba, ayokong maissue kasi wala namang pinal na kung ano man. Basta, ayaw ko muna. Mga kaklase ko pa naman, mga sira-ulo.

Nang matapos na ang ginagawa namin, pero sa totoo lang eh hindi pa tapos dahil nanood lang naman kami ng pelikula, yung 2012, eh umuwi na rin kami. Sa lahat ata sa amin eh ako lang ang excited umuwi. Three-thirty na nun. Maaga pa nga kung tutuusin, pero dahil Sabado iyon at walang masasakyan si Lyla dahil tuwing sabado at walang pasok eh minsan nawawalan ng tricycle na masasakyan papunta sa kanila kaya kailangan na rin naming umuwi. At siyempre, kahit naman magtagal ako eh okay lang since mula second year pa

lang eh tumatambay na ako kina Rachel, kilala na nga ako sa kanila eh, pero dahil sa katotohanang gusto ko ng makuha ang number ni Marlene eh gusto ko na talagang umuwi. Pwede namang makigamit ng laptop ni Rachel at doon na lang kunin yung number niya, pero dahil nga sa wala akong dalang cellphone at dahil kaming dalawa pa lang ni Pam ang nakakaalam eh hindi na rin ako nagtangka.

Nang makarating sa bahay eh pumunta naman agad ako kina Tita, wala pa rin kasing laptop si Ate, at siyempre wala rin ako, kaya nakikihiram pa rin ako. Agad kong inilagayang USB ko at agad-agad ring kinopya ang nakuhang number kay Marlene. Grabe, talaga namang nae-excited ako mga Dre. Crush ko na siya eh. O, crush ko na siya ha, umaamin na ako.

Nang makuha ko ang number ni Marlene eh walang sabi-sabing pinatay ko agad ang laptop nina Tita, kahit na hihiram raw yung pinsan kong isa. Sobrang excited na kasi akong makatext si Marlene eh. Sa totoo lang, first time kong ma-excited ng ganito, yung maexcited kang makatext ang isang tao na talaga namang gustung-gusto mo. Sa totoo lang din ulit, kung tutuusin, ang swerte-swerte ko dahil nakuha ko yung number niya. Kita mo nga naman, walang kahirap-hirap eh.

*Teka, bakit niya nga pala binigay yung number niya?*

Well, we don't know. I don't know. Kung bakit, siguro sa kanya na lang yun. Siguro baka akala niya good boy ako, which is half true naman, kaya niya ibinigay yung numero niya. Kung tutuusin, hindi niya naman yata ako kilala eh. Ni hindi nga ako lumalabas ng bahay, hindi rin naman ako sumasali sa mga out-of-school programs, at lalung-lalo ng hindi ako sumasali sa mga contest sa labas ng paaralan namin dahil bukod sa hindi talaga sumasali yung school namin eh ayaw ko dahil medyo mahiyain nga ako, yun nga, ayaw ko sa masyadong "exposure."

Nang makarating ng bahay eh agad ko namang inilagay ang mahiwaga kong sim card sa cellphone ko. Tinatangal ko kasi yung sim card doon sa cellphone ko. Wala lang, trip ko lang. At tsaka okay lang, wala naman akong katext eh. Maghihintay pa ba ako ng text? At tsaka globe kasi talaga ang sim card ko, eh since talk 'n text si Marlene eh di mag-TnT tayo. Panawagan po sa mga nabanggit kong mga networks, I need some major sponsors, pa-ad fee naman diyan. Hahaha, joke lang ^\_^\

Pagkalagay ng sim card ko sa mobile phone ko eh agad-agad naman akong pumunta sa second floor ng bahay namin. Alam nyo kung bakit? Kasi hindi kalakasan ang signal ng Smart sa barangay namin. Yung pinakamalapit kasing satellite ng Smart eh doon pa sa bayan, malapit sa school namin, which means eh anim na barangay rin ang layo mula sa bahay namin. Kung bakit ako pumunta sa second floor eh para makasagap ng mas malakas na signal. Kung nasa second floor kasi ako ng bahay namin, natatanaw yung satellite (Satellite ba tawag dun? Basta yun yung nagbibigay ng signal sa mga mobile phones eh, yung parang tower) na nakatayo doon sa pinakamataas na bundok sa probinsiya namin. Kaya naman ng itapat ko ang mahiga kong cellphone doon sa satellite na iyon ay... ting! Nagkaroon ng signal ang cellphone ko, full bar pa! Hahaha, wag ko lang ilalayo kasi kung nagkataon, mawawalan ng signal yung cellphone ko. May diminishing powers pa, kasi mababawasan siya ng isang bar bawat segundo ng paglayo mo doon sa satellite. Promise, try nyo.

At ito na ang pinakahihintay kong moment, ang makatext si Marlene. Nakapagpa-load na nga pala ako bago ako umuwi ng bahay. Grabe, first time ko pa ngang magpload ng thirty pesos nun eh. Karaniwan kasi, yung postpaid lang na cellphone ng Tatay ko sa Globe ang ginagamit ko kaya hindi na ako gumagastos sa pagtetext sa mga kaklase ko. Sa Globe ako nagtetext, tapos yung mga kaklase ko sa TnT ko nagrereply para makapag-communicate kami. Karaniwang dahilan lang naman sa pagtetext ko eh kung may PE ba kami at



kung magsusuot ng PE uniform. Nadala na kasi ako nung isang beses magsuot ako ng PE uniform, tapos ako lang mag-isa ang nagsuot. Nakakahiya ng maulit.

Okay, eto na, balik na tayo sa istorya. Agad-agad akong nagresgister sa unlitext. Pahirapan pa nga dahil hindi ako marunong magregister sa Unlitext nun sa Tnt, kasi nga diba hindi naman ako nagtetest palagi, at tsaka Globe user ako. Kaya lang naman ako nagka-TnT eh para makatext yung mga kaklase ko sa akin kapag kailangan. Mga kuripot kasi yung mga kaklase ko eh, takot magreply sa Globe, mga Smart kasi sila. Hahaha, peace guys, I still love you.

Makalipas ang sampung taon sa pagreregister ko sa Unlitext eh nakapagregister na ako. 4:20 na nun at talaga namang mainit pa rin. Buti na lang hindi nasisinagan ng araw yung parteng inuupuan ko kaya kahit papaano eh medyo malamig. Mahangin rin kasi, kasi nga probinsiya at malapit lang ang bahay namin sa bukid, kaya okay lang talaga. Ganda ngang tumambay dito sa second floor ng bahay namin eh kahit hindi pa tapos ang pagkakagawa.

Nagsimula akong magtipa sa mga keys nung cellphone ko. Sa totoo lang, hindi ko alam kung anong sasabihin ko sa kanya eh. Ano nga ba? Hello? Hi? Musta? Ek ek? Hindi ko talaga alam eh. Hinalungkat ko pa nga yung templates nung cellphone ko, pero lychee, wala man lang laman! Kaya no choice ako kaya kelangan ko ng magtype ng text para sa kanya.

Hindi ko na lang namalayan ang sarili kong nagtitipa na sa mga keys nung mobile phone ko.

To: Marlene

‘.Hi.

Lychee, yan lang talaga ang natekst ko. Paano ba? Ano bang sasabihin ko? Wala akong masabi eh. Nakakahiya naman kasi. Feeling close ako masyado. After 5 minutes, wala pa rin akong natatanggap na reply mula sa kanya. Nagsimula na akong mainip ng konti, konti lang naman, kasi hindi naman ako yung tipong masyadong mainipin. Naisipan ko ring magtext sa ibang mga kaklase ko. Nagulat pa nga yung iba kasi raw nagkaroon ng malaking himala, nagtext daw ako. Himala na nga kung maituturing yun. Ako kasi yung hindi palatext eh. Himala talaga ang makapagsend ako kahit isang GM lang.

After 8 minutes or so, bigla na lang akong nakareceive ng text message.

*1 message received*

Yan ang nakalagay sa screen nung cellphone ko. Bigla akong kinabahan sa hindi ko malamang dahilan. Call me overacting or what, pero talagang kinabahan ako nun. Nang buksan ko ang text message na nareceive ko, mula kay Marlene pala.

From: Marlene

Who u?

Wow. Who u. Sabagay, hindi naman ako nagpakilala eh. Malay ba niya kung sino ako. Sino siya, si Madam Auring? Binilisan ko na ang pagreply sa kanya kahit bigla akong dinagsa ng GM ng mga kaklase kong suki ng mga clan.

To: Marlene

‘.aq nga pla si Ted.. remember?

Then I pressed send. Yan talaga ang pagkakatext ko sa kanya, may kaartehan pa. Ginagaya ko kasi yung isa kong kaklase na kung makapaglagay ng punctuation marks eh akala mo nagpaparamihan ng mga punctuation marks sa text. At least yung sa akin, dalawa dalawa lang. Sa kanya kasi sampu yata. Ewan.

Makalipas ang limang minuto eh nakatanggap ulit ako ng text message mula sa kanya.

From: Marlene

Ah. Yung taga-\*\*\*\*\*?

Hindi ko na sasabihin yung school na pinagmulan ko, hahaha. Basta, yan yung pagkakatext niya. Natuwa nga ako kasi at least kahit papaano nakikilala niya ako.

Muli akong nagcompose ng text message para sa kanya.

To: Marlene

' . Oo. Buti killa mo aq?

From: Marlene

Haha. Medyo lang.

To: Marlene

' . Ah...

Tapos hindi siya nagreply. Sabagay, ano nga ba ang mairereply mo sa text kong "Ah..." na may paarte pang mga marks? Sige nga!

Dahil hindi nga siya nagreply, nagplano ako ng next move. 4:43 na nun at malapit na ring magsimula yung palabas na pinapanuod ko tuwing Saturday. Pero dahil katext ko siya eh wala muna akong paki. Mas importante siya kesa sa TV show na iyon.

After five minutes of brainstorming eh wala akong naisip na masabi sa kanya. As in wala. Ano nga ba? Wala naman kasi akong maitanong. Kung magtatanong kasi ako ng mga personal na tanong, baka sabihan niya naman ako na masyadong feeling close. Pero kung hindi naman ako magtetext, paano ko siya makakausap, diba? Paano na?

To: Marlene

' .Pwde k bng mging friend?

From: Marlene

Sure.

To: Marlene

' .ung pwde qng mpgsbhan ng qng anu-ano, pwede?

From: Marlene

Okay lang. No prob.

To: Marlene

'tlaga? Kc nngangailangan aq ng frend e..

Pwe, ano ba tong pinagsasabi ko? Para akong sira.

From: Marlene

Sige lang. Haha.

To: Marlene

'nghnap kc aq ng mppglbsan ng sma ng loob e...

From: Marlene

U can count on me. =)

Okay, nagmelt na ako. Corny na kung corny pero kaligayahan ko na ito, yung sabihin niya na "U can count on me." Tae, it's an honor to be this close with your crush, for Pete's sake! Pero siyempre, para akong ULOL diba? Pa-friend friend ek ek pa ako, para lang akong tanga.

To: Marlene

'anong ginagawa mo?

From: Marlene

Nag-aaral. May gagawin kasi kami sa Research eh.

*Oooh. What's Research?*

To: Marlene

'ano ung research?

Saka ko lang napansin na kumpleto pala siya halos magtext. Eh ako, ang daming arte. Kaasar, nakakahiya.

From: Marlene

Subject namin. Science class kasi ako eh.

Sabi ko nga, matalino siya eh. Science class. Sa probinsiya kasi namin, kapag nasa science class ka, ibig sabihin you are one of the best. Tapos science class pa siya sa school na pinapasukan niya, na talaga namang kilala sa probinsiya namin na isa sa pinakamagaling na high school, eh talaga namang nakakabelieve. Crush ko na talaga siya, lychee!

To: Marlene

'ah... ndi q alm un e...

Ise-send ko n asana kaso naalala kong kumpleto nga pala siyang magtext. Nahiya na naman ako. Feeling jejemon naman ako kahit hindi. So, I decided to retype my text message to her, yung kumpleto para naman hindi nakakahiya.

To: Marlene

Ah. Hindi ko alam yun eh.

Medyo nahirapan akong magtext kasi hindi ako sanay ng kumpleto. Kahit naman hindi ako yung tipo ng tao na mahilig magtext eh hindi rin ako kumpleto magtext.

From: Marlene

Basta subject namin yun. Medyo mahirap nga eh.

At humaba ng humaba ang pag-uusap namin. Karaniwan, tungkol lang sa mga subject niya sa science class. Kakaiba pala pag science class ka, ang daming subject at tsaka mas advance. Sa amin kasi, walang science class, at tsaka kung ano lang yung prescribed na subjects na ibinigay ng DepEd eh yun lang talaga ang sinusunod. Sa kanila, ang daming ek ek na nagaganap.

To: Marlene

Ang cool naman.

From: Marlene

Kaya nga eh.

To: Marlene

Kumain ka na?

6:25 na rin kasi. Narinig ko na rin ang boses ng aking pinakamamahal na Inay mula sa baba kaya naman alam ko na malapit na kaming kumain. Karaniwan kasi, 6:30 eh kumakain na kami.

From: Marlene

Hindi pa. Ang aga pa eh. Dito pa ako sa room ko.

To: Marlene

Ano hitsuta ng room mo?

From: Marlene

Cute. Kasing cute ko.



Sa hindi ko malamang dahilan eh kinilig ako doon kahit wala namang dahilan.  
Tae, bakit ba ako kinikilig? Binata na ako mga Dre!

To: Marlene

Siyempre, cute ka eh.

Then I pressed send. Saka ko lang napansin na kakaiba pala yung nai-send ko. Nai-send ko na siya kaya siyempre hindi ko na mababawi. Nakaramdam ako ng hiya, pero hindi naman ako kinakabahay. Slight lang. Baka kasi kung ano ang maging reaksyon niya eh. Wag naman sana siyang maghysteria or something. Sayang ang nasimulan ko.

From: Marlene

Thanks, I'll take that as a compliment.

Siguro kung wala ako sa tamang huwisyong tumalon na ako mula sa second floor ng bahay namin pababa sa lupa. Grabe talaga, kinikilig talaga ako sa hindi ko malamang dahilan. Ewan ko ba, simpleng text niya lang eh masyado na akong affected.

Maya-maya lang eh narinig ko na yung Nanay ko na tinatawag ako.

“Yong, kakain na.”

“Sige ‘Nay, bababa na ako.”

To: Marlene

Sorry, I have to eat my supper.

*Grabe, inglesero?*

From: Marlene

K.

Yun lang? Medyo disappointed akong bumaba mula sa second floor ng bahay namin. Alam ko kasing wala naman akong dapat i-expect pero nalungkot lang ako bigla. "K" lang ang reply niya? At tsaka anong ibig sabihin nung k? Hindi ko alam eh.

Nagmadali naman akong kumain nun para i-continue ang pagpapalitan namin ng text. Grabe, kahit medyo nalungkot ako dun sa reply niya kanina eh nag-think positive pa rin ako. Hindi pa tapos ang gabi.

To: Marlene

Hey, I'm back.

From: Marlene

Haha.

To: Marlene

Anong ginagawa mo?

From: Marlene

Wala, nanunuod ng TV.

To: Marlene

Okay.

At wala na naman siyang reply. Grabe, ano bang sasabihin ko?

To: Marlene

May boyfriend ka na ba?

Nagulat din ako ng mapagtanto ko ang text ko na yan. I'm like, WHAT?!! Kapal naman ng lahi ko.

From: Marlene

Wala pa.

*Ohmygulay. What did she say?*

Hindi ko alam kung gaano ako katagal na nakatitig sa screen ng cellphone ko habang tinititigan yung text niya na yan. What the. Sure? Wala pa? Imposible. Pero... napangiti ako bigla ng maintindihan ko ng buong-buo yung text niya na iyan. Nakakapagpaligaya na ewan sa akin. Weird na ako kung weird pero ganun talaga. Nagulat pa nga ako nung bigla akong kinausap nung Nanay ko. Napansin pa nga niya akong nakatitig sa cellphone ko nun, akala pa niya snake lang ang nilalaro ko. Wag daw akong magpaka-adik. Duh? Ako maglalaro ng snake? Hahaha.

To: Marlene

Sure ka?

From: Marlene

Oo. Haha.

To: Marlene

Bakit naman?

From: Marlene

Wala lang.

What an answer.

To: Marlene

Walang naniligaw sayo?

From: Marlene

Wala eh. Hindi ko ine-entertain.

Hmmm...

To: Marlene

Bakit naman?

From: Marlene

FC ka ha. Haha.

FC? Ano yun?

To: Marlene

FC? Ano yun?

From: Marlene

Feeling Close. Haha.

To: Marlene

Sorry naman kung FC ako.

So that's what FC means. Oy, natututo ako.

From: Marlene

Hindi, joke lang. Medyo lang. Haha.

Napangiti na naman ako sa text niya na yan. Napansin ko lang, ang babaw ng kaligayan ko ha?

To: Marlene

FC ako?

From: Marlene

Medyo nga lang, paulit-ulit?

To: Marlene

Haha, I'm sorry, I didn't mean to.

From: Marlene

Wow, nosebleed. Haha.

To: Marlene

Haha, sorry. Tagalog na tayo.

From: Marlene

K.

Ayan na naman ang bwisit na K. Wala akong reply diyan eh, hindi ko alam yan!

To: Marlene

First runner up ka diba?

Nagsimula na naman ako ng bagong topic. Ayaw ko talagang mawalan ng masasabi eh. Kawawa naman ako.

From: Marlene

Oo. Si Kristine yung Champion.

To: Marlene

Sino, si number 49?

From: Marlene

Haha, oo. Kaklase ko yun.

To: Marlene

Sabi na nga ba, magkaklase kayo eh.

From: Marlene

Magkaklase nga kami. Top 2 namin yun eh.

To: Marlene

Ah, talaga? Ikaw?

From: Marlene

4<sup>th</sup> lang ako.

To: Marlene

Sino first?



From: Marlene

Si Ria. Best friend ko yun eh.

To: Marlene

That's cool.

From: Marlene

Ikaw?

To: Marlene

Haha, magulat ka pero third ako.

From: Marlene

Talaga?

To: Marlene

Oo. Shocking. Haha.

From: Marlene

Haha, magaling ka naman eh.

Napagaya na rin ako sa Haha niya. Nakakahawa siya eh. Crush ko nga diba?

To: Marlene

Weh?

From: Marlene

Ayaw mo maniwala?

At nag-swoon na ako, kung pwede man sa mga lalaki yun. Kilig na kilig na ako eh! Lychee!

To: Marlene

Thanks. =)

From: Marlene

You're welcome. =)

At naputol ulit ang communication namin, wala na naman kasing topic eh. Isip ng topic, isip ng topic, isip ng topic...

To: Marlene

Honor student ka na dati pa?

Halata bang wala na akong maitanong?

From: Marlene

Oo. Vale ako nung elementary eh.

To: Marlene

Talaga? Galing.

From: Marlene

Ako pa. Haha.

At narinig ko na ang aking Nanay na nagsabing matutulog na raw kami.  
Lychee, ano ba yan! Siyempre, nagreply muna ako kay Marlene.

To: Marlene

Matutulog na ako, pinapatulog na kami eh.

From: Marlene

Aga ah. Haha.

To: Marlene

Ganun talaga. Pinalaki akong parang dalagang-pilipina eh. Haha.

From: Marlene

Haha, k.

To: Marlene

Good night. =)

From: Marlene

Good night rin. Sweet dreams. =)

At pumunta na ako sa kwarto ko. Nasa kwarto kasi ako ng ate ko habang katext ko siya dahil mas malakas ang signal sa kwarto ng ate ko. Agad akong nahiga sa kama ko, at talaga namang abot tenga ang ngiti ko. Kinikilig ako mga Dre, kinikilig ako! My crush just talked to me! Like fnck! This is crazy! Todo ngiti pa rin ako nun, and I swear, ten o'clock na eh gising pa rin ako kahit nine pa lang eh pinatulog na kami. Basta masaya lang ako. Binasa ko pa nga ulit yung mga text niya sa akin, hindi ko na kasi binura. Remembrance kumbaga.

Kaya bago ako matulog, nagdasal muna ako kay Lord at inisip siya. Hanggang panaginip ko'y andun siya, kasama kong nakangiti sa akin. And you know what? I still don't know what "K" means. Silly me.



Hindi iyon ang unang pagkakataon na nagkatext kami ni Marlene. Naging “gawain” ko na ang pagtetext sa kanya. Lagi akong may load (Himala!!!) para makatext siya. Hindi ko nga alam kung bakit dahil hindi naman talaga ako yung palatext, pero pagdating sa kanya hindi ako pumapayag na wala akong load. Nakakaasar pag wala akong load. Buti na lang sobra yung baon na binibigay sa akin ng mga magulang ko, or kung sakto man, hindi na lang ako kumakain tuwing recess para may pangload ako kinagabihan. Hindi naman ako madaling magutom NOON eh, kahit nga almusal minsan hindi na ako kumakain. Basta ba makatext ko lang siya, masaya na ako, kumpleto na araw ko.

Dahil nga sa hindi ako pwedeng magdala ng cellphone sa school eh nakiki-insert pa ako ng sim card sa kaklase ko. Hindi ko naman maitakas yung cellphone ko dahil under siya ng Nanay ko, wala talaga akong takas. Pero buti na lang yung kaklase ko, si Rachel, eh pinapahiram ako ng cellphone, kaya okay lang kahit hindi ko na dalhin yung cellphone ko basta ba dala ko yung sim card ko. Nakakahiya naman kasing makitext sa mga kaklase ko eh, diba nga wala pang nakakaalam bukod kay Pam.

August 24 nun, Martes, nang magdecide akong mag-FB sa Internet Lab ng school namin. Sa totoo lang bawal mag Facebook sa Internet Lab, kumbaga, violation yun sa mga rules and regulations ng paaralan. Pero nagkataon na yung napwestuhan ko eh malayo sa nagbabantay at pwede pang ma-access yung FB kaya nag-FB agad ako. Pero wag ka, yung kaklase ko lang ang nanghikayat sa akin ha! Grabe rin kasi yung kaklase ko na yun eh, hindi umattend ng MAPEH namin para lang mag-FB dito. Okay lang, close naman kami eh. Hahaha, sabi ko nga sa inyo diba, marami akong ka-close kahit mahiyain ako.

Nang makapag-OL (Online) ako eh agad-agad ko namang pinuntahan yung profile ni Marlene. Natural na iyon sa akin, kumbaga eh parang nakagawian ko

na. Sa mahigit apat na araw na nakalipas mula ng i-accept niya yung friend request ko eh talaga namang pinupuntahan ko yung Facebook profile nya for further updates. Call me a stalker or what, hindi ko lang talaga mapigilan.

Nang puntahan ko nga ang profile ni Marlene eh nakita ko ang mga post na ganito:

*Happy birthday!*

*Happy birthday Pre! More birthdays to come!*

*Enjoy your birthday Insan! Miss you there, punta kami diyan by Christmas!*

*Happy birthday Mare! Handa mo? Hahaha.*

Well, what do you know, it's her birthday today?! Siyempre, ako na si dakilang "may crush sa kanya" eh kailangan ring makibati. Ayos, buti na lang pala nakapag-FB ako. Agad akong nagtipa sa keyboard ng computer, ng lycheeng computer to be honest dahil ang panget pa ng screen ng napuntahan kong computer, ang labo, tapos hindi pa flat screen.

"Happy birthday Marlene! =)"

Hindi naman ako suki ng smiley eh no. Wala, sign na gusto kong mag-smile sa kanya. Saktong pagka-post ko nung pagbati ko na iyon eh bigla na lang akong nakarinig ng:

"Yung nasa number 8, wag ng mag-FB. You can go out now."

Lychee, patay kang bata ka. Agad akong lumapit sa nagbabantay, ako kasi yung nasa number 8, at alam nyo ba kung anong nangyari? I was banned sa Internet Lab for a week. Oh no. Crap.

~O~

Gusto ko sanang magtext sa kanya noong araw na iyon pero talaga namang dagsa ang mga gawain namin sa school. Ewan ko nga kung anong meron nun eh, pero diba nga Class Mayor ako eh wala na rin akong nagawa kundi ang magpaka-busy. Hindi ko na rin nga nahiram yung cellphone ni Rachel nun kasi busy nga ako nun, sobra. So wala muna akong communication sa kanya. It made me feel sad, in all honesty.

Nang makarating pa ako sa bahay nun eh talaga namang pagod na pagod na ako at medyo naasar kasi lagi na lang yung holdapan sa Quirino Grandstand kahapon yung pinag-uusapan. Nakakabanas na nga eh, puro yun na lang. Pero sabagay, masarap ngang pag-usapan yun, nakakatense kasi eh! Nakaligtaan ko ring itext si Marlene nun kasi pareho kaming busy sa pagsubaybay sa nangyari sa Quirino Grandstand!

Okay, enough with current events. Agad-agad kong isinalampak ang sim card ko sa cellphone ko. Siyempre, para itext SIYA.

To: Marlene

Hi. =)

From: Marlene

Hello.

To: Marlene

Anong ginagawa mo?

From: Marlene

Homework. Medyo busy eh.

To: Marlene

Ah, okay sige. Text na lang ako mamaya.

At wala na akong natanggap na reply sa kanya. Makalipas ang twenty minutes, gustung-gusto ko na siyang itext pero wala akong magawa. Baka kasi busy pa rin siya, makaabala lang ako. Ayoko ng ganun, naaabala si crush. Ay, tae, ang landi ko.

Pero siyempre, hindi rin ako nakatiis kaya nagtext ako sa kanya.

To: Marlene

Busy ka pa rin.

No response.

Naghintay pa ako ng ilang minuto na umabot ng kalahating oras pero wala pa rin siyang reply. Tinawag na rin ako ng Nanay ko noon para kumain kaya wala na rin akong nagawa kundi iwan ang cellphone ko sa bintana. Diba nga mahina lang ang signal sa amin, kaya para magkasignal eh nilalagay ko sa bintana. Full bar nga pag iniwan ko eh, choosy pa.



Nagmadali naman ako sa pagkain at tiningnan ko kung meron nga bang nagreply na. Tuwang-tuwa ako ng may makita akong nakalagay na 2 *messages received* sa screen ng cellphone ko. Agad kong binuksan ang mga text message pero nabigo lang ako dahil mga kaklase ko lang pala yung mga nagtext, pa GM lang nila.

Nagtext ulit ako sa kanya.

To: Marlene

Happy birthday.

From: Marlene

Thanks. =)

Yun lang?

To: Marlene

Busy ka pa rin?

From: Marlene

Medyo. Bakit?

To: Marlene

Wala lang.

From: Marlene

Okay.

And I felt sad. Really sad, beyond sad. Wala lang, wala naman akong karapatan pero talaga namang nalungkot ako na ganun lang kami ngayon. Gusto ko kasi siyang kausap kahit man lang sa text eh. Pero hindi, hindi ko pa siya nakakausap ng matagal ng matagal ngayon. I heave a sigh and retyped my reply for her.

To: Marlene

I think your busy. Good night. =)

From: Marlene

Good night.

And that day ends, leaving me missing her all night. Haay, crap.

~O~

Kinabukasan, wala namang bago sa school dahil normal na ulit ang daloy ng mga pangyayari. Quiz, madaliang review, quiz ulet, klase, recitation, PE class, tulog sa klase, then daldalan, then basa ng kung anu-anong mga horror ek ek, then uwian. Yun lang.

Pero hindi ko gustong matapos ang araw na iyon na parang ordinaryong araw lang.

Nagpaload ako ng thirty pesos ulit (Sorry, hanggang thirty lang ako eh. Hahaha, taghirap mga Dre) para makapag-unli na naman. Nagpaturo pa nga ulit ako sa kaklase ko nun kung paano mag-unli call and text. I have some plans kasi.

Nang dumating ang hapon, pagring ng bell ng 4:00, agad-agad akong lumabas ng room namin para maglinis na ng area. Siyempre, Class Mayor ako kaya hindi ako pwedeng tatamad-tamad, kahit sa totoo lang medyo tinatamad akong gumawa ng mga gawain noon. Masyadong kasing mainit noon dahil sobrang tindi ng sikat ng araw at hapon pa rin. Pero dahil maraming trees sa school namin eh talaga namang nakaka-refresh ang pagpunta sa area namin para maglinis. At least, pagdating ko doon, hindi na ako bugnuting ewan. Basta, nakakabanas.

Habang naglilinis ng area, agad-agad ko namang inilabas iyong cellphone na hinihiram ko nga kay Rachel para makatext siya.

To: Marlene

Hey. =)

From: Marlene

Hi.

Ewan ko kung anong pumasok sa kukote ko pero namalayan ko na lang na tinatawagan ko na siya.

\*Krrrinnng krrrinng\*

After the 3<sup>rd</sup> ring, biglang may sumagot sa tawag ko. OhmyGod!

“He-hello?” Ako

“Sino to?”

Crap. *Sino to?* Like what the hell.

“Ah, si Ted to.”

“Ah...”

Silence.

“Hi.” Ako ulit.

“Hello.”

“Anong ginagawa mo?”

“Wala.”

\*toot toot\*

Akala nyo binabaan ako no? Hindi, nagkakamali kayo. Dahil ako lang naman eh kumaripas ng takbo mula sa area namin papunta sa room namin na nasa third floor ng pinakadulong building sa school namin, na medyo may kalayuandin. Lychee, what the hell was that? I need a thorough explanation, dammit! Fnck!

Agad-agad akong pumasok sa room namin at nakita ko pa yung mga kaklase kong sobrang busy sa paglalagay ng floor wax sa sahig namin. Though private school kami, hindi pupwede ang tamad sa amin, kelangan talagang naglilinis ka rin both your designated areas and rooms. Kaya siyempre, reponsibilidad namin ang pagandahin yung room namin, at kasama doon ang weekly na paglalagay ng floor wax.

“Ah!!!” Ako. Lychee, hindi ko alam kung sino ako nung mga oras na yun.

“Hey, what's happening to you?” Kaklase ko, inglesero no? Diba nga, English-speaking yung school namin? Well, we speak in English too, pero hindi lagi. Hahaha, violator din kami eh. Sssh, satin lang to ha? Hahaha.

“I think I'm gonna die!”

“Hahahaha.”

And the next thing I knew? I was rolling (Yeah, rolling, at kapag naaalala ko ito, natatawa talaga ako. Like, fnck, I'm fncking stupid.) sa sahig, at buti naman, tapos ng lagyan ng floor wax iyong ginulungan ko. At tsaka mapanganib din yun dahil nakapam-PE pa ako nun, with all the white PE t-shirt and royal blue jogging pants.

“Oy, what's up?” Princess. Chismosa to eh. Hahaha. Pero mabait yan.

“Ah!!!” Ako pa rin.

“Oy, anong nangyayari dito?” Ayan na, nagtagalog na sila! Bwahahaha.

"I think I'm gonna die, I think I'm gonna die, I think I'm gonna die..."

"Sige, pakamatay ka na ha. Marurumihan yang t-shirt mo!"

"Hahaha."

Sira ulo na ako. Period.

"Hoy, stand-up, marumi na yang pam-PE mo."

"Okay."

And of course, I did stand up. Nakakahiya pala, ang dami palang tao dito sa room ngayon. I think they're 15, or 10. I'm not sure. Masaya ako eh, hindi ako marunong magbilang pag masaya. \*smile\*

"What's happening?"

"I just heard her voice." And showcase my ugly smile. Hahaha.

"Really?" Si Pam yan. Ngayon ko lang napansin na nasa loob rin pala siya ng room.

"Yeah. I'm so happy..." Then para na naman akong nababaliw doon sa loob ng room namin. Doon ko rin lang napansin na sa mismong harapan pa ako ng room namin malapit sa blackboard nagpagulung-gulong. Buti na lang pala walang nakapansing teacher sa akin. Taypa ako kung nagkataon, Class Mayor pa naman ako.

"Oy, teka, I can't relate." Si Princess Intrigera.

"Hey dude, ano?" Pam

And that's how the whole class knew about Marlene, and of course, about my "crush thingy" towards her. Parang tanga lang eh, kailangan may special

announcement? Kahit tanungin nyo mga kaklase ko kung sino crush ko, siguradong siya ang sasabihin ng mga yun, alam nila eh. Hahaha.

Well, hindi pa ako nakuntento nun. Bumalik ulit ako doon sa area kasi hindi pa nga kami tapos maglinis. Nagsisipaglabasan na rin yung ibang mga estudyante doon, at ewan ko lang kung napansin ako nung ibang mga estudyante. Para siguro akong tanga, nakangiting tumatakbo kanina. Sana rin hindi ako nakita nung kapatid ko, may kapatid rin kasi akong nag-aaral sa pinapasukan ko, first year naman. Kung nagkataon, baka malaman ng mga magulang ko, nakakahiya, hindi pa ako prepared. Hahaha.

Nang makabalik ako sa area namin eh sinumpong na naman ako ng pagkaengot. Ewan ko ba, may magical powers yata yung area namin dahil parang ang lakas-lakas ng loob kong tawagan siya ngayon.

Calling...

Marlene

\*Kriiing krrring\*

“Hello?”

“Hi.”

“Sino to?”

What the fnck. Is she trying to kill me?

“Hi Marlene.”

“Sorry, hindi si Marlene to.”

What the fnck ulit. What the?!!

“Ha?”

“Kaklase niya to eh.” Then may narinig akong nagtatawanan sa background.  
Lychee.

“Ah okay, sorry.”

“Okay.”

\*toot toot\*

I was like, what the? Ano yun?

Hindi na ulit ako tumawag kasi kailangan na rin naming matapos maglinis sa area namin. Kawawa naman kasi yung mga kaklase ko, sila lang naglilinis tapos nakikipaglandian lang ako? (Hahaha, what a term.) Agad-agad naman akong naglinis para matapos na rin agad kami. Siyempre, ako pa, I'm born to be a janitor, too! Hahaha, joke lang, pero pwede rin.

Nang matapos ng maglinis eh agad kong ibinigay ang cellphone ni Rachel sa kanya at umalis na rin ng school. Hindi na nga ako nakakatambay sa tambayan namin eh, kasi nga excited akong makatext lagi si Marlene. Ganun pala pag may gusto ka sa isang tao no? Lahat magagawa mo kahit bago sayo.

Nang makarating naman ako sa bahay eh mga five o'clock na. Wala naman akong nagawa ng makita kong nanunuod ng Tom and Jerry yung nakababata kong kapatid kahit gusto kong manuod ng TV nun. Pag yan kasi nagalit, patay ang sangkatauhan, mag-aalarm yan na kaya pang daigin ang sirena ng mga



ambulansiya. Promise, mas gusto ko pang mahulog sa bangin kesa sa mabingi sa kakangawa niyang kapatid ko.

Agad kong inilagay ang sim card ko sa cellphone ko, at siyempre, pumunta naman ako ng second floor ng bahay namin. Yung kapatid ko kasing isa, yung first year, eh nasa kwarto ng Ate ko, eh siyempre, I need some decent privacy. Hahaha. Nang makarating sa second floor ng bahay namin eh agad akong nagtext sa kanya.

To: Marlene

Hi.

No response. Text ulit.

To: Marlene

Hello.

No response pa rin. Ugh, why is she not replying? Hindi naman ako naiinip, pero gusto kasing nagrereply siya sa akin eh. Feeler na kung feeler, ganun talaga. Dahil hindi pa siya nagrereply, nagtype na lang ako ng GM at sinend sa mga kaklase ko, at siyempre pati na rin sa kanya. Pero hindi talaga nagrereply eh.

After an hour or less, bigla na lang akong nakareceive ng text mula sa kanya. Sa pagkakatanda ko, 5:38 na nun.

From: Marlene

Hello rin. =)

And I felt myself turning scarlet red. Lychee, ngayon ngang katext ko siya, nagbablush na ako (which is so gay, to be honest) paano pa kaya kung sa personal diba? Type naman agad ako ng reply. Hindi dapat paghintayin si crush.

To: Marlene

Anong ginagawa mo?

From: Marlene

Uwi pa lang ako eh.

To: Marlene

Talaga? Anong oras na ah.

Sa amin kasi, late na ang 5:30. Mahirap kasi ang sasakyan sa amin, konti lang.

From: Marlene

Dami kasing school activities.

To: Marlene

Ah, okay. Anong sasakyan mo, tricycle?

From: Marlene

Hindi, jeep.

To: Marlene

Ah, ingat ka. =)

From: Marlene

Thanks.

Landi ko no? Pero hindi pa ako papaawat, meron pa.

To: Marlene

Pwede ka bang tawagan?

No response. Agad kong tinype yung number niya para matawagan.  
Memorized ko na nga pala yung number niya. Siyempre, required. Haha.

“Hello?” Ako

\*toot toot\*

Ha? Anong nangyari?

From: Marlene

Mamaya ka na tumawag, nasa jeep pa lang ako eh.

OhmyGod, OhmyGod, OhmyGod, OhmyGod!

To: Marlene

Okay. Ingat.

And naghintay nga ako. After 20 minutes, nagtext ulit ako sa kanya.

To: Marlene

Nasa inyo ka na?

From: Marlene

Wala pa. Give me about five minutes.

At siyempre, hintay ulit ako. After five minutes (saktong-sakto, haha) eh nagtext ulit ako sa kanya.

To: Marlene

Nakauwi ka na?

From: Marlene

Wait lang, magbibihis lang ako.

At namula ako nun. Don't ever dare to enter my fncking brain, it's all green.

Haha.

After 2 to 3 minutes, nagtext rin siya sa akin.

From: Marlene

Okay, pwede na.

And this is it, this is it na talaga. Huminga muna ako ng malalim, and I redialled her number.

\*Krrring kring\*

Sa third ring niya nasagot yung tawag.

“Hello?” Siya. Shet, her voice is so... angelic.

“Hi.” Ewan ko kung anong hitsura ko, pero feeling ko para akong asong ulol with teeth all shown. Lychee ako.

“Haha, hi din.”

“May sipon ka?” What kind of question was that? Lychee talaga ako!

“Haha, saahhreee, wala akong sipon no.” Promise, I’ll never forget how she said “Sorry” to me, I guess. It was so cute.

“Hahaha.”

Huh? Bakit wala na?

Pagtingin ko sa cellphone ko, wala, tae talaga, LOWBAT!

~O~

To: Marlene

Ikaw kasi eh, tagal mo eh.

From: Marlene

Sorry naman, dami ko kasing ginagawa sa school eh.

To: Marlene

Sorry nga pala, nalowbat ako eh.

From: Marlene

Haha, okay lang.

Yeah, leche talaga, nalowbat ang maganda kong cellphone. Aba'y malay ko ba namang malolowbat pala yun, eh pagtingin ko pa doon eh full charge pa. Bwisit talaga! Looks can be deceiving nga! Hindi ko nga pala nai-charge yun! Leche talaga, sayang, nakakausap ko na siya eh!

To: Marlene

Siguro next time na lang ulit ako tatawag.

From: Marlene

Okay.

To: Marlene

Sorry talaga ha.

From: Marlene

Okay nga lang, unli ka? Haha.

And napangiti ako. Babaw ko talaga, ampotek.

To: Marlene

I'm really sorry.

At alam nyo bang puro sorry na lang ako ng sorry? Sabi ko nga sa inyo, nasalo ko halos lahat ng konsensiyang pinaulan ng Diyos kaya naman puro sorry na lang ang text ko sa kanya. Siguro, para na akong sirang plaka. Nakakainis nga eh, pero hindi ko talaga mapigilan yung sarili kong magsorry sa kanya. Nakakahiya kasi, pinagmadali ko pa siya para lang matawagan ko.

From: Marlene

Hey, I hate to sleep.

Nalungkot naman ako doon. 8:47 na rin kasi. Siguro, kung hindi ako nalowbat, baka mas marami kaming napag-usapan. Hinintay ko pa kasing magcharge yung battery ng cellphone ko eh. Yung cellphone kasi ni Nanay lowbat din sa kakalaro nung kapatid ko, at yung cellphone naman ng Tatay ko eh postpaid nga kaya hindi ko malagyan ng TnT, Globe nga kasi siya.

To: Marlene

Okay. Good night.

From: Marlene

Good night rin.



Pagkatapos kong magreply sa kanya eh agad-agad naman akong pumunta sa kwarto ko. Ewan, pero ang lapad-lapad ng ngiti ko. Call me a fucking dog because I am. At least, narinig ko na yung boses niya. That's quite a move na rin. At nakausap ko na siya, kahit "May sipon ka ba?" ang unang-una kong naitanong. That's quite embarrassing!

Leche, ganito ba pag may gusto ka sa isang tao?



Days passed, of course, at yun nga, karaniwan ko ng gawain ang pakikipagtext kay Marlene. Wala, kaligayahan ko yun eh. Lagi akong masaya kapag katext ko siya. Tuwing hindi ko siya katext, masaya pa rin ako, pero alam mo yung feeling na parang kulang? Yung feeling na parang kulang yung araw mo kapag hindi ko siya nakakatext? Ang corny ko na talaga.

Linggo noon, kakatapos ko lang magpolish ng aking butihing sapatos dahil kinabukasan ay may pasok na (Kailangan talagang makintab ang mga sapatos namin, pag sa school kasi namin, kapag hindi bagong polish ang sapatos mo, wag ka ng mag-expect na makakapasok ka sa classroom nyo after ng flag ceremony dahil siguradong haharangan ka lang ng school principal. Hahaha) ng magdecide akong itext siya. Ganun talaga ako eh, every hour, or I might say, every minute eh tinetext ko siya. Grabe talaga ako.

Kinuha ko agad yung phone ko at agad-agad pumunta sa kwarto ng Ate ko. Buti na lang wala si Ate, nasa Maynila kasi siya, doon siya nag-aaral ng kolehiyo. Eh di okay lang kahit labas-masok ako sa kwarto niya. Hahaha. Mabait naman akong bata kaya hindi ko ginugulo yung mga gamit sa kwarto niya, mamaya kagalitan pa ako ng Nanay ko, baka hindi na ako payagang pumunta sa kwarto ni Ate.

To: Marlene

Hi. Gandang hapon. =)

After 15 minutes, nagreply rin siya. Tagal niya ngang magreply eh, ang sarap patayin sa halik. Hahaha, joke lang ^\_^\

From: Marlene

Hi din.

To: Marlene

Ginagawa mo?

From: Marlene

Wala, nagbabasa.

To: Marlene

Ng ano?

From: Marlene

Ng kung anu-ano. Hahaha.

To: Marlene

Cool. Hindi ako mahilig magbasa eh. Dati. Haha.

From: Marlene

Ah.

No response. Yan na naman ang dakilang "Ah" naasar ako diyan eh.

To: Marlene

Sure kang wala ka ng boyfriend?

Ayan na naman ang pagka-engot ko. Hindi naman halatang makapal ang mukha ko eh no? May takot ba sa exposure na kung makapagtanong eh direktso?

From: Marlene

Wala. Haha.

To: Marlene

Bakit naman?

From: Marlene

Ayoko pa.

To: Marlene

Bakit naman?

From: Marlene

Haha, hindi ko pa feel. Bata pa ako.

Oh no.

To: Marlene

Sure ka?

From: Marlene

Oo. Ayaw ko pa.

To: Marlene

Paano kung manligaw ako sayo, papayag ka ba?

Fnck. What did I say?

From: Marlene

Ayaw pa ng mga parents ko eh. Bata pa raw ako.

And siyempre, ang dakilang ako eh nalungkot sa sinabi niya. Who could be not, anyway? Hindi pa ako nanliligaw, busted na? Hahaha, ang saya diba. Fnck.

To: Marlene

Cool. Ayos yan.

From: Marlene

Haha.

To: Marlene

Paano kung manliligaw ako sayo, papayag ka ba? Hindi pa ngayon ha.

From: Marlene

I don't know. Haha, bata pa ako eh.

To: Marlene

Mahihintay mo ba ako?

Kill me guys.

From: Marlene

Ewan. Ayaw pa talaga ng mga parents ko eh.

To: Marlene

Ah. Basta after ten years, pag may maipagmamalaki na ako sayo, liligawin kita.  
Promise, cross my heart.

From: Marlene

Haha, ewan ko sayo. Para kang tanga.

To: Marlene

Seryoso ako, no kidding. Promise.

From: Marlene

Okay. Haha.

To: Marlene

Basta pag kagraduate ko, manliligaw ako sayo. Pupunta pa ako sa inyo. Haha.

From: Marlene

Haha, adik ka.

To: Marlene

Crush kita eh.

What the fnck did I just say?!!

From: Marlene

Ah. Haha.

To: Marlene

Seryoso. Crush kita eh.

From: Marlene

Ah. Adik ka. Sorry.

Sorry?

To: Marlene

Don't be sorry, okay lang.

From: Marlene

Hindi pa talaga pwede eh.

To: Marlene

Okay. Haha.

I'm laughing with her, but my heart's breaking into pieces. My first heartbreak.

</3



Mabilis lumipas ang mga araw. Text ng "Good morning" kay Marlene sa oras na 5:45 am (para sure na gising na siya), pasok ng school ng mga 6:15, text kay Marlene ulit, klase, text kay Marlene ulit, uwian, text kay Marlene, tulog. Yan lang ang karaniwan kong gawain eh, pwera na lang kung may mga major assignments and exams. Take note, major assignments and exams, hindi ako nagrereview kapag quiz at recitation eh. Haha, tamad ko diba. Pero sa pagtetext kay Marlene, hindi ako pahuhuli.

Isang araw, hindi ko na maalala kung ano yung exact date, eh nakatext ko si Marlene tungkol sa school na papasukan niya.



To: Marlene

Talaga? La Salle?

From: Marlene

Oo. Haha. Magte-take lang naman ako doon eh. Kaso hindi ako pinayagan ng aking ama, kasi nga may bagyo.

To: Marlene

Ah. Haha. Oo nga naman, bawal, hindi ka talaga papayagan, mamaya patayin ka pa ng bagyo eh. Haha.

From: Marlene

Adik ka. Haha. Saan ka ba mag-aaral?

To: Marlene

Ewan. Tinatamad na akong mag-aral eh. Haha.

From: Marlene

Adik ka. Saan nga?

To: Marlene

Ewan ko. Hindi pa ako nakakapagdecide eh. Kaw ba?

From: Marlene

UP, UST, Ateneo, o La Salle.

To: Marlene

Magte-take ka rin sa UST?

From: Marlene

Oo. Haha. Sa UST at La Salle na lang ako hindi nagte-take eh.

To: Marlene

Wow. Haha. Bigatin mga school mo ah.

From: Marlene

Hindi naman. Haha. Pero sure naman akong hindi mag-aaral sa La Salle eh, magte-take lang.

To: Marlene

Bakit?

From: Marlene

Mahal ng tuition sa La Salle no! Haha.

To: Marlene

Nga naman. Magte-take ka sa UST?

From: Marlene

Ah. Good for you.

To: Marlene

Thanks.

At natapos ang gabi na iyon na nagtetest lang kami ng kung anu-ano. Hindi ko na nga maalala eh. Basta, yun na yun.

Kinabukasan...

"Oy, Cj, magte-take ka ba sa UST, Victor?" Pam

"Oo. Hahaha, kasama ko si CJ." Victor. Adik tong si Victor eh, sasagot lang, tatawa pa. May matching blush pa. Parang adik lang.

"Hey, you're conversing in Tagalog." Ako. O, ayos ako diba, nagpapaka-Mayor!

"Sorry, Mayor. Hey, you'll be having your entrance exam in UST?" Translation ni Pam. Haha, masunurin sila.

"Yeah, I'll be with CJ." Victor

"Ako rin!" Pam

"Pam, speak in English!" Ako. Nasa harapan ko lang kasi sila, nakaupo ako sa upuang malapit sa pinto. Since ako raw ang mayor eh kailangan nasa may pinto ako. Sa totoo lang, hindi ko rin alam ang difference kung ilalagay ako sa gitna, o sa harap, o sa second column, o sa third column. Mayor pa rin naman ako kahit anong mangyari. At tsaka bakit sa may pinto pa? Bakit, kapag may holdaper, para ako agad ang mahoholdap dahil ako ang Class Mayor? I just don't get it.

"Sorry dude. Oh, I want to take the exam to! I want to study in UST, too!" Pam

"Hindi naman ako sigurado na mag-aaral ako diyan eh, magte-take pa lang. Wala pang sinasabi sina Papa." Victor

"Victor..." Ako. Tigas ng ulo ng mga kaklase ko no? Kaya nga the "unforgettable" ang tawag sa batch namin eh, mahirap makalimutan dahil MATITIGAS ANG MGA ULO. Haha, peace guys ulit ^\_^V

"Oo na, oo na." Victor

"Wait, UST?" Ayan na, ako na yan. Naalarm ako bigla. UST diba?

"Yeah, UST. Wanna take the entrance exam too?" Pam

"UST, right?" Ako

"Paulit-ulit?" Pam

"Pam..." Ako

"Yeah, UST. Take ka na." Pam

"Oo, para may kasama kami." Victor

Leche, tigas talaga ng mga ulo ng mga ito eh no? Ang kulit, sabi ng bawal mag-Tagalog eh! "I want both of you to speak in English! You're so stubborn!"

"Sorry." Victor. Sabay tawa. Para talagang sira eh no? Anong nakakatawa doon, aber? (Sorry Victor, haha, aping-api ang karakter mo sa istorya ko. Wag kang mag-alala, magpapakabait ako sa'yo. Haha, nakakamiss rin yang pagtawa mong parang ewan!)

"Hey, what's that?" Isabella, ang anak ng may-ari ng school namin. Ayos rin tong babaeng to eh, kahit anak ng may-ari ng school namin, hindi halata. Mabait yan, grabe, close nga kami eh. Magkatabi pa kami sa upuan. Haha.

"Entrance exam in UST. You'll be taking the exam too?" Pam

"Yeah, I already told that to my Daddy. He said he'll let me take the exam. I don't know when." Isabella

"Just go with us, dude!" Pam

"Sorry, my Daddy's the one who'll took all the responsibility. He'll not let me go with you. And besides, I'll be having my entrance exam too, I think it's December or January, I'm not that sure yet. My Daddy just had my requirements passed yesterday." Isabella

"Ay sayang, libre sana kami sa sasakyan Isabella!" Victor

"I said speak in English, Victor!" Ako. Hindi naman ako galit, natatawa pa nga ako niyan eh. Para lang kasing tanga, sabi na ngang mag-English eh, ang tigas ng ulo talaga! Mamaya, mahuli pa siya, eh di kawawa kami, kawawa ako, suspended kami!

"Sorry ulit." Victor. Sabay tawa. Sira-ulo talaga.

"I'll ask Rachel if she'll go with us." Pam

"Oh yes, ask her." Isabella

"Hey, wait, may I see that?" Ako

"See what?" Pam

"The brochure, I mean. Let me see it." Ako

Then ibinigay nga ni Pam sa akin yung brochure. Ang cool nga nung brochure eh, ang ganda, black and yellow, pwedeng gawing pamaypay! Hahaha, joke lang. Hindi, maganda talaga siya, summarized na kung anong meron sa UST. Meron pang mapa.

"How did you get one of these?" Ako

"CJ. Humingi ako..." Victor. Hindi na niya natapos yung sasabihin niya dahil tiningnan ko na siya ng masama. Tigas ng ulo talaga eh, ang sarap kutusan! "I just asked him if he has one. He'll be taking the exam this Saturday, I'm going with him."

"Nice..." Ako. Then napangiti ako. Remember, Marlene's planning to take UST's entrance exam? Ito na ulit ang pagkakataon kung makita siya. Grabe, isang beses ko pa lang siyang nakikita eh! "I'm going with you."

"Wow, talaga?" Leche ka talaga Victor, mag-Tagalog ka pa, masisipa na kita eh.

"Yeah, and please speak in English, how many times do I have to tell you? And do you have any extra copy? I mean, of the forms, of course." Ako

"Yeah, ask CJ." Victor

"You'll be taking the exam too?" Pam. Sumigaw pa siya niyan, kausap niya kasi sina Rachel eh, kahit isang upuan lang naman ang pagitan. Hyperactive kasi kami, parang Elementary lang.

"Yeah, pretty much." Ako

"Cool dude, appear! I'll be taking the exam too! I think I'll not pass in UP, so I'll just be here!" Pam. Nagtake nga pala ng UPCAT yan. Ako lang yata ang hindi nagtake ng UPCAT sa mga nasa Top 10 eh. Hahaha, bakit kong bata diba?

"Yeah yeah. Wait, I'll talk with CJ first, okay?" Ako

"Okay. Go! I said, go!" Pam. At ginaya niya pa yung "Go" ni Ruffa sa palabas na Betty La Fea. Tama ba spelling? Haha.

At iniwan ko na sila roon. Pumunta pa ako sa kabilang section dahil taga-kabilang section si CJ. Pero kahit ganun, close rin kami. Diba nga marami akong friends? Haha.

Nang makapasok ako sa room nila, na hindi naman talaga ako invited eh kung makapasok ako eh akala mo section b rin, eh sumigaw pa ako ng "Where's CJ?"

"He's there, over there." Si Kit, yung epal na kaklase namin. Epal yan eh, I'm telling you. Feeling gwapings, hindi naman. Ang sarap gawing lechon. Haha, sorry Kit. (Not his real name, though)

"Thanks." FC ako diyan eh, FC rin kasi siya, pagbigyan. "Hey, CJ, what's up yo?!"

"Hey Yo, what's up?" CJ

"I heard Victor about you taking the UST's entrance exam with him this Saturday. Do you have any extra copy of the forms?" Ako

“Leche ka Ted, mag-Tagalog ka na nga, hindi kami inglesero dito, nakakanose bleed!” Si Christine. Haha, lukaret talaga tong babaeng to. Pero close din kami niyan, wag ka. Yan din yung nanghikayat sa aking mag-FB sa Internet Lab eh. Haha, ayon, banned tuloy ako doon.

“Haha, adik ka, patayin kita diyan eh!” Ako

“Ayon, much better.” Christine. At bumalik na siya sa pagbabasa ng pocketbook. Grabe, daming pocketbook dito sa section nila eh, maya-maya makakapulot ka na ng mga pocketbook sa sahiig.

“Ano, meron ka pa?” Ako

“Wala na. Isa lang binigay ni Mama eh. Pero pwede namang ipa-xerox yun. At tsaka meron yatang form sa website ng UST eh, pwede dun.” CJ

“Ah, thanks. Sige, paxerox na lang namin yung kay Victor.” Ako

“Hey what’s that?” Si Apple. Close din kami niyan. Haha.

“Magte-take kami sa UST. Sama ka?” Ako

“Ay, ewan, bahala na.” Apple

Iniwang ko na sila sa room nila. Ang ingay nga eh. Tapos pagbalik ko sa room namin, maingay din. Saya lang. Pero mas masaya ako, kasi siguradong makikita ko ulit siya. How nice.



Disappointed.

Andito na kami sa paaralang pagte-takean namin nung exam. Sabado ngayon, at siyempre, walang pasok, at todo prepare pa ako. With all the get-



up and everything, handang-handa akong makita ulit siya. Pero you know what? Bad news. Hindi pala siya nakapagpa-register para sa exam ngayon. Nakakabadtrip nga eh. Pero siyempre, hindi ko siya masisisi. Hindi niya raw kasi feel magtest sa probinsiya namin, gusto niya raw sa UST. Eh siyempre, ako naman, eh malungkot nung malaman ko yun. Pero may choice ba ako? Wala naman diba. Oo na lang.

Natapos ang exam na iyon na hindi ko sineryoso. Nagbihis pa ako ng maayos, nagready pa ako ng todo, tapos wala naman SIYA. Nakakadisappoint na ewan. Hindi na ako nage-expect na pumasa sa UST. Asa pa ako.



Hindi lang ako sa UST nag-take ng exam. Nagplano rin akong magtake sa PUP, dahil sabi ng Tatay ko eh baka raw doon ako mag-aral dahil maganda raw ang Accountancy doon. Pero kung ako ang tatanungin nyo? AYAW ko sa PUP. Promise. Hindi naman dahil sa panget ang edukasyon doon, pero hindi ko lang talaga feel. Pero siyempre, mas nasusunod ang mga magulang at masunurin talaga akong bata kaya naman nagtake pa rin ako ng exam sa PUP.

Siyempre, lumuwas ako papuntang Maynila nun. Kaasar nga eh, aabsent pa tuloy ako. Hindi kasi ako sanay ng umaabsent eh. Concerned ako masyado sa attendance ko kahit tamad akong mag-aral. At tsaka ayaw ko lang talagang pumunta ng Maynila, hindi ko pa feel.

Naging tambay lang naman ako sa Maynila nun. Sa boarding house na tinutuluyan ng Ate ko ako tumuloy. Andoon naman si Ate kaya okay lang. Si Ate rin kasi ang sasama sa akin para makapag-register ako sa PUP. Magtatambay pa nga ako ng three days nun eh, nakakabanas lang, walang magawa. Buti na lang wala ng klase nun dahil kakatapos pa lang ng periodical test namin.

Kinabukasan ng makarating ako ng Maynila eh napagdesisyunan namin ng Ate ko na pumunta ng Cavite para mamasyal. Ayos diba, mamamasyal lang, Cavite pa. Andoon kasi yung tito at fita ko, kasama yung tatlo ko pang mga pinsan. Nakarating naman kami doon ng payapa pero umuwi rin agad kami ni Ate dahil nga hindi kami pwedeng magtagal masyado dahil kailangan eh maaga pa sa PUP kinabukasan, kinabukasan kasi yung pagpapa-register ko sa PUP.

Habang nasa biyahe nun eh katext ko siyempre si Marlene.

To: Marlene

Pwede ba kitang tawaging Pare?

Ang sira ko no? FC talaga. =\_ =

From: Marlene

Hindi, may tumatawag na nun sa akin eh.

To: Marlene

Eh Mare?

From: Marlene

Hindi pwede, may tumatawag na sa akin nun.

To: Marlene

Anong itatawag ko sa'yo?

From: Marlene

Ewan ko.

To: Marlene

Kaasar ka naman eh, anong itatawag ko sayo?

From: Marlene

Ang feeler mo ha, FC ka masyado.

To: Marlene

Pare na lang.

No response. Hindi sya nagreply. Nagtext ulit ako. Sa pagkaka-alala ko, nasa tapat na kami ng Manila Zoo nito pabalik ng Ermita, sakay ng bus.

To: Marlene

Hi Pare. Busy?

From: Marlene

Sabi ng wag mo akong tawaging Pare eh, may tumatawag na nga sa akin niyan.

Whoa, bad mood?

To: Marlene

Meron kaba?

From: Marlene

Bakit naman? Bastos!

To: Marlene

Sorry. Ang init kasi ng ulo mo eh.

No response na naman. Nakarating na kami ng boarding house nun eh hindi pa rin siya nagrereply. Nakakaasar.

Dumating ang gabi eh hindi pa rin siya nagrereply. Naasar ako na ewan. Pagpatak ng 8:07, napagdesisyunan kong tapusin ang katahimikan niya.

To: Marlene

Uy, busy ka?

From: Marlene

Hindi naman.

To: Marlene

Sorry nga pala kanina. Hindi ko sinasadya.

Bait kong bata diba?

From: Marlene

Okay lang.

To: Marlene

Bakit ba ayaw mong tawagin kitang Pare?

From: Marlene

Meron na kasing tumatawag sa akin nun eh?

To: Marlene

So hindi na kita pwedeng tawaging Pare, ganun?

From: Marlene

Definitely.

To: Marlene

Ang init ng ulo mo. Galit ka?

From: Marlene

Hindi. Hindi naman.

To: Marlene

Para ka kasing galit eh, nakakaasar na ewan.

From: Marlene

Kapal mo, naaasar ka?

Whoa, I smell war in here.

To: Marlene

Naakaasar ka kasi. Galit ka ba talaga?

From: Marlene

Hindi nga. Paulit-ulit ba?

To: Marlene

Eh galit ka kasi eh.

From: Marlene

Ano ba, kaasar ka na ah.

To: Marlene

Eh kaasar ka nga eh. Galit ka, tapos hindi ka pa pumapayag na tawagin kitang Pare.

From: Marlene

Hindi nga kasi pwede, at tsaka hindi ako galit no.

To: Marlene

Yes, you are.

From: Marlene

No I'm not.

To: Marlene

You are.

From: Marlene

Shut up.

Whoa!

To: Marlene

Don't "shut up" me!

From: Marlene

Ang kulit mo kasi eh, nakakasar ka. Paulit-ulit ka.

To: Marlene

Eh ang arte mo kasi.



And here's where the war starts.

From: Marlene

Shut up, hindi ako maarte no!

To: Marlene

Oo, maarte ka, apelyido mo pa lang, nakulangan lang ng a "Maarte" na!  
Haha.

From: Marlene

Shut up, ang yabang mo!

To: Marlene

Yeah, yeah, shut up.

From: Marlene

Don't dare, you b\*tch!

Natawa ako. Me, a b\*tch? Eh pambabae lang yun eh! Halatang good girl!

To: Marlene

Haha, don't call me a b\*tch.

From: Marlene

Eh anong tatawagin ko sayo, sira-ulo?!

What?

To: Marlene

Anong sabi mo?

From: Marlene

Shut up.

To: Marlene

May kalog ka rin eh no.

From: Marlene

Wow, ang perfect mo.

To: Marlene

Wala akong sinasabing perfect ako.

From: Marlene

Ganu rin yun, indirect nga lang.

To: Marlene

Topakin ka.

From: Marlene

Hindi ako topakin no, baka ikaw!

To: Marlene

Haha, sino sa atin, baka ikaw?!

From: Marlene

I hate you, b\*tch!

To: Marlene

I said never call me a damn b\*tch because I am not!

From: Marlene

You're definitely one. You feel like you're one hell of a guy? Sorry, but you are not, you're not even a human.

Whoa, English talaga?

To: Marlene

You embicile, don't ever judge me! You don't know me!

From: Marlene

Then you don't know me too. We're not close, anyway.

Nasaktan ako doon. At saka lang ako natauhan. Alam nyo kung anong reply ko?

To: Marlene

I'm sorry.

No response. I guess she's mad. Mad at me.

~O~

Dumating ang October 29. Contest na naman, at sa hindi ko na naman malamang dahil eh contestant na naman ako. Essay writer ang role ko, sa essay writing contest ako sinali. Sa totoo lang, hindi naman talaga ako yung magaling diyan sa paggawa ng mga essay na yan eh, pero I was "gifted" daw with all this English words expertise kaya ako na lang. Parang sinabi lang na "Wala ng choice eh, kaw na lang?!" Parang ganun lang. Pero okay lang naman sa akin dahil essay writing contest din ang sinalihan niya. Bwahahaha.

Hindi pa rin kami nagkakabati. Ewan, para kaming ewan. Parang elementary lang. Ay hindi, daig pa namin ang elementary sa pag-aaway. Basta hindi pa kami okay nun. Pero siyempre, nagkakatext pa rin kami though minsan para siyang menopause baby, hindi ko maintindihan. Minsan mabait, minsan parang ewan. Tapos mag-aaway ulit kami. Ewan talaga. Para kaming aso't pusa.

Yun nga, October 29, hindi ko na maalala kung anong araw yun pero kinagabihan nun eh may Halloween Party kami na siyempre hindi ko inattendan dahil tinatamad ako at masakit ang ulo ko nun, eh pumunta kami sa hindi ko na maalalang pangalan nung school, basta may Roxas yung pangalan nun eh, isang high school. Ewan ko nga kung bakit sumakit yung ulo ko nun, gawa yata nung nagpaulan ako. Pero whatever, like I care. I hate parties anyway. Maaga rin kaming dumating nun, pero this time, hindi ko na maalala yung number ko nun. Pero number 7 yata ako nun eh. Lecheng mga number yan.

Siyempre, dahil nga maaga kami eh maaga talaga kami. Malamang. Walang mga tao pa nun masyado, at siyempre payapa rin ang paligid. Masaya yung mga kasama ko, nagkukwentuhan sila. Nakikisali rin naman ako dahil kilala ko rin naman sila, sila rin kasi yung kasama ko nun sa Science Quiz Bee sa BNHS nung August, pero hindi na kasama yung mga first year at second year. Buti nga kasama si Pam nun eh at tsaka yung isa ko pang kaklase.

Naghintay lang naman kami ng iba pang mga contestant nun. Bakit ba laging ang tagal nilang dumating? Grabe, sabi nine daw pero sa pagkakaalala ko eh lampas ng nine eh hindi pa kami nagsisimula. Ayos rin sila eh, pa-VIP lang. Pero sabagay, medyo mahirap nga dahil buong probinsiya namin yung kasali nun, mahirap talagang maghanap ng sasakyan dahil masyadong maaga. Diba nga, konti lang ang sasakyan sa amin, hindi katulad sa Maynila na kahit anong oras eh pwede kang makahanap ng masasakyan.

Nang dumating ang ewan ko na kung anong oras na nun eh napagdesisyunan kong makihiram rin ng diyaryo ng UP. Mga taga-UP kasi ang nag-organize nung contest kaya may mga taga-UP sa amin. Ang cool nga eh, parang ang gagaling nilang lahat. Siyempre, UP, saan ka pa. At yun nga, nagpasama pa ako kay Pam palabas ng conference hall ba ang tawag doon dahil nasa labas pa yung mga diyaryo. Pero laking gulat ko ng makita ko siya (Siyempre, sino pa ba) na nakatayo doon sa labas. Actually, nakasandal pa siya doon sa parang railings na meron doon sa labas, at nakasandal siya PAHARAP sa pinto ng conference hall, meaning nakikita niya kung sino ang pumapasok at LUMALABAS ng conference hall. Nang makita ko siya nun eh talaga namang naistatwa ako, kung matatawag mo mang brain freeze and body freeze yun eh that's the right definition. Pangalawang beses ko pa lang kasi siyang nakikita nun eh. And it made me froze. Damn.

Ang mas ikina-freeze ko pa eh ang pagtingin niya sa akin. Siyempre, ano sa tingin nyo ang mararamdaman ko? Wala, parang statue lang akong nakatayo doon dahil hindi ko nga talaga alam ang gagawin ko. Nakatingin lang siya sa akin nun, at siyempre nakatingin lang ako sa kanya for I don't know how long. Wala na nga akong napapansin sa paligid ko nun eh, basta nakatingin lang ako sa kanya. Hindi pa sana ako matatauhan nun kung hindi ako hinampas sa braso ni Pam.

"Oy, kukuha ka pa ba ng diyaryo?" Pam

“Huh? What?” Ako

“Sabi ko kukuha ka pa ba ng diyaryo.” Pam

“Hindi na. I- uhm, tara na.” Ako

“Ha? Teka, kala ko ba kukuha tayo ng diyaryo? Pam

“I changed my mind.” Ako

Naglakad na ako pabalik sa kinauupuan namin nun, at hindi ko alam ang hitsura ko nun pero napansin nung isa kong kasama na namumula ako. Let's call him Ibarra. Haha.

“Uy, bakit namumula si Ted?” Ibarra

“Haha, oo nga no. Bakit namumula yan?” Pam

Nakatungo lang ako sa upuan ko nun, at feeling ko nga namumula ako dahil feeling ko sobrang init ng mukha ko. Ewan, hindi ko maiwasan eh. Kawawa naman ako.

“O, anong nangyari sayo?” Adviser na kasama namin. Kung makachika rin si Ma'am eh no? Haha.

“She's here.” Ako

“She's here?” Pam

“Anong she's here?” Justin. Kaklase ko yan na mukhang nerd kasi nakasalamin, tanungin mo lahat ng bansa at capital sa buong mundo, alam niya promise. Palocate mo pa. Haha. Sorry Justin. ^\_^

“She's here.” Ako. O diba, wala na akong masabi. I'm s-p-e-e-c-h-l-e-s-s.

“She's here?!” Pam. O ayan, nakilala na niya.

"Yeah. Oh my God." Ako

"Sinong she?" Adviser namin.

At naikwento na ni Pam sa mga kasamahan namin, kasama yung adviser namin, kung sino yung tinutukoy ko. Ayos diba, alam ng lahat, haha. Pero hindi naman ako nahihiya, proud akong crush ko siya eh. Haha.

"Wow, binata ka na Ted ah." Adviser namin. Lalo yata akong namula nun, hindi ko na maalala eh. Pero sure talaga na namumula ako nun dahil may picture akong nakatungo na namumula nun eh. Haha, ang idiot ko.

At hindi na lang ako umimik nun. Nanahimik na lang ako bigla, at feeling ko sobrang nahihiya at naco-conscious ako lalo na nung nakita kong pumasok sila. Grabe, feeling ko sobrang panget ko kahit panget na talaga ako. Ewan, hindi ko ma-explain yung nararamdaman ko nun eh. Basta, namumula ako, tapos.

Nagsimula na rin naman ang contest proper at napahiwalay rin ako sa mga kasama ko nun. Ako eh napunta doon sa parteng likuran ng conference hall dahil doon na rin daw gaganapin yung essay writing contest. Ako naman eh siyempre, nananahimik lang dahil SIYA eh andun din. Hindi ko nga siya makita masyado nun, dahil sa bukod sa sobrang conscious ako sa presensiya niya eh hindi talaga ako makatingin sa kanya. Sobrang nahihiya ako sa hindi ko malamang dahilan. Kahit na nauuna ako sa kanya nun dahil number 15 yata siya nun, hindi pa rin talaga ako tumitingin sa kanya. Hindi ko nga siya kinausap nun eh, kahit naman friends kami sa text, hindi pa rin. Sobrang nahihiya talaga ako nun. At kamalas-malasan pa, napunta pa siya sa likuran ko. Yeah, crap. Nahihiya na nga ako ilalapit pa sa akin?

Natapos ang contest na yun na wala ako sa sarili. Basta tungkol sa RH Bill yun eh. Nakakainis nga dahil hindi ako nagbasa tungkol sa RH Bill nun kaya wala akong masyadong alam. At dahil nga sa sobrang conscious ako sa presensiya



niya eh hindi ko na rin alam kung ano yung mga sinulat ko nun, basta naka 5 pages ako nun, samantalang yung iba eh naka-isang page lang. Sa pagkakaalam ko, naka-isang page rin siya nun eh, at yellow ang suot niyang t-shirt. Haha.

At siyempre, nag-lunch din kami nun dahil sa hapon eh ipagpapatuloy pa rin ang contest ng mga kasali sa quiz bee. Hindi na ako kasali doon siyempre, pero hindi pa rin ako umuwi. Siyempre, nakakahiya namang umuwi na diba. At tsaka baka kasi makita ko pa ulit siya. Hindi na rin naman ako nage-expect na mananalo eh. Basta makita ko lang siya, masaya na ako. Nung pupunta pa nga kami sa kakainan namin nun eh tinuro ko pa yung bahay niya sa mga kasamahan ko dahil nadaanan namin.

“Ayos, stalker ka ah.” Hindi ko na maalala kung sino nagsabi nito.

“Hindi ah, siya kaya nagsabi sa akin.” Ako

“Sus, ibang level na yan.” Adviser namin.

“Oo, mamaya, malaman namin, kayo na.” Hindi ko na rin maalala kung sino nagsabi niya. Haha, memory gap.

“Pag alam ang bahay, magiging girlfriend agad? Hindi ba pwedeng friends muna?” Ako

“Haha. Binata na.” Wag nyo na rin akong tanungin kung sino ang nagsabi niyan, memory gap pa rin ako. Haha.

Natapos ang araw na iyon na talaga namang super conscious ako sa presensiya niya. As in, grabe. Yung tipong pagpipicture lang sa contest eh hindi ko pa magawa dahil nakatingin siya sa harapan, eh andun ako dahil nga kinukunan ko yung mga kaklase kong mga contestant. Call me a feeler or what, pero hindi ko talaga maiwasang isiping tumitingin siya. Para akong psycho, feeler na psycho. Tapos simpleng pagpapapicture lang as remembrance eh

hindi ko pa magawa dahil andun naman siya sa harapan nun. Nakakahiya talaga. Basta, nakakahiya.



And the days passed na akala mo eh nagpupunit ka lang ng kalendaryo. Ang bilis talaga ng mga araw, hindi ko mahabol. Parang kanina lang, Lunes pa lang, tapos magkakamalay ka Miyerkules na pala, yung tipong ganun.

Pero sad to say, nagmamadali man ang panahon, nagmamadali rin ang Diyos dahil ng dumating ang Nobyembre eh namatay naman ang Lolo ko. Hindi namin ine-expect yun dahil bigla na lang siyang namatay, atake sa puso. Hindi ko nga ma-explain yung pakiramdam ko nung namatay siya nun eh, kasi nasa school pa lang ako nun, nagbe-bake pa lang kami sa Home Economics namin eh matamlay na talaga ako. Tapos ng dumating ako sa bahay eh wala pa yung mga magulang at mga nakababata kong mga kapatid. Saka ko lang nalaman ng puntahan ko yung bahay ng Lola ko (na namatay rin the year before) eh patay na nga siya. Umiyak pa ako nun eh. Siyempre, mamimiss ko rin yung Lolo ko na laging nagluluto ng Pancit Canton na ninanakaw ko sa tindahan namin nung bata pa ako. I miss you both, 'Lo and 'La. I don't wanna cry.

Lumipas muli ang mga araw, lamay ng Lolo ko, libing, at dumating ang pasiyam. Naghanda naman sina Nanay noon ng makakain dahil sigurado raw na dagsa ang mga tao. Sa probinsiya kasi, kapag may mga okasyon tulad ng piyesta, birthday, o kahit mga lamay eh dinadagsa ng mga tao kaya kelangan eh maghanda talaga, nakakahiya kapag wala kang ipapakain sa mga tao. Natapos rin ang pasiyam na sobrang pagod na pagod ang mga magulang at mga tiyo't tiyahin ko. Kaming mga magpipinsan eh hindi naman pagod dahil wala nga kaming ginagawa.

2:46 ng hapon nun ng mag-OL ako sa Facebook (Saktong time yan, hindi ko talaga yan malilimutan. Haha). Wala lang, siguro wala lang talaga akong magawa, at tsaka first time kong mag-FB ulit after mamatay ng Lolo ko. Nakita ko naman na OL si Marlene kaya kahit nagluluxa pa rin kami eh napangiti naman ako.

Kahit na gusto ko siyang maka-usap eh hindi ko naman siya chinachat. Kung sa text eh nag-uusap kami, sa FB hindi. Hindi ko nga alam kung bakit eh. Pero diba nag-away kami? Hindi pa kami naka-under "cease fire" kaya madugo pa rin ang labanan. Kahit nakapagsorry na ako sa kanya siguro ng mga more than one hundred times eh hindi niya pa rin ako pinapatawad. Ewan, pero aminado naman akong kasalanan ko rin eh. Siyempre, hindi ko naman siya sisihin, magalit pang lalo sa akin yun, hindi ko kakayanin.

Pinuntahan ko naman ang notifications ko at nakita kong nagcomment si Pam sa isa sa mga picture na na-upload ko, yung picture ni Jessica Serefaty sa America's Next Top Model Cycle 14 na vampire ang concept. Gustung-gusto ko kasi yung picture na yun eh, parang ang sarap maging vampire. Haha. Pero wag ka, hindi ako fan ng Twilight ha, I despise Twilight. Like, eww, so chessy. Sorry Twilight fans. ^\_^

Siyempre, nagcomment rin naman ako. Sabi ko pa nga eh gustung-gusto ko yung picture na yun. Crush ko rin kasi yung si Jessica eh, ang ganda at ang cute niya kasi! \*\_\*

Nagcomment ulit si Pam, na hindi ko na maalala kung ano. Nagcomment pa ako nung maalala kong magsisimula na nga pala ang ANTM Cycle 15. Kahit lalaki ako, nanunuod ako ng America's Next Top Model. Gusto ko kasing maging photographer eh, since first year pa kaya nanunuod ako nun. Doon kasi, natututo ako ng mga basic photography skills kapag yung photoshoot na

ang pinapakita, kaya karaniwan mga photoshoot lang sa mga episode ang pinapanuod ko. Try nyo, matututo talaga kayo doon.

Nang magcomment ako tungkol sa pagsisimula ng ANTM 15 eh nagcomment rin si Pam na "Oo nga eh. Malapit na, this December 3 yata."

Nagcomment din ako. "Oo, basta December sa Star World." Oy, ad fee Star World! Haha, joke lang. ^\_^\

"Si Ann yata ang nanalo dun eh." Comment ni Pam.

"Sinong Ann?" Comment ko. Nagresearch naman ako tungkol doon sa Ann, Ann Ward ang complete name.

"Oo, si Ann Ward ang nanalo dun." Alam nyo kung kaninong comment? Kay Marlene!

"Talaga, sure ka?" Comment ko.

"Oo. Siya ang nanalo." Comment niya.

"Eh hindi naman siya magandang-maganda eh." Comment ko. Sorry, hindi ko talaga sinasadya yung sinabi ko na yan. Iba pa kasi ang standards ko sa "maganda" nun dati eh, at sigurado kung nakita nyo na si Ann Ward, siya yung tipong hindi "technically pretty" pramis.

"Siya nga ang nanalo." Comment niya

"Hindi pa kaya pinapalabas yun." Ako

"Napanuod ko na." Marlene

"So?" Ako

"Siya nga ang nanalo." Marlene

"Sigurado ka? Eh hindi pa nga tapos yun eh." Ako

“Tapos na yan, makikipagtalo ka pa.” Marlene

“Hindi pa tapos yan eh!” Ako

“Tapos na nga, kulit mo!” Marlene

“Eh hindi pa nga pinapalabas, tapos na agad? Nagmamadali?” Ako

“Bahala ka, kung ayaw mong maniwala. Si Ann nga nanalo eh.” Marlene

“Hindi, hindi siya ang nanalo.” Ako

“Paano mo nasabi?” Marlene

“Eh wala pa kaya sa internet. Eh kung siya ang nanalo, eh di dapat nakita ko na.” Ako

“Siya nga ang nanalo eh!” Marlene

“Hindi, hindi ako naniniwala sayo.” Ako

“Ayaw mo bang maniwala, siya nga ang nanalo!” Marlene

“Paano mo naman nasabi eh hindi pa nga naipapalabas diba?” Ako

“Alam ko na nga, napanuod ko na!” Marlene

“Hindi, nagsisinungaling ka lang eh, wala pa nga sa TV, may resulta na agad?”

Ako

“Eh di kung ayaw mong maniwala, di wag!” Marlene

“Whatever. Basta hindi siya ang nanalo.” Ako.

3:23 na nun, at biglang nag 3:24. Nag-away kami diba? Tae, dahil lang sa kung sino ang nanalo sa ANTM 15?

Pero after 15 minutes, hindi pa rin siya nagco-comment. Maya-maya, nakatanggap ako ng notification na nakalagay eh nagcomment daw si Pam.

“Tol, si Ann nga ang nanalo.” Pam

“Eh, ewan.” Ako. Tae, siya ba talaga?

“Oo. Nakipag-away ka pa.” Pam

Pero bago ako makapag-comment eh nakita kong iba na yung pangalan ni Marlene doon sa comment, hindi na siya yung naka-hyperlink, yung kulay blue na kapag ifinapat mo yung cursor mo eh magkakaroon ng line.

Hindi ako nagcomment at nag-PM ako kay Pam.

“Oy, anong nangyari?” Pam

“Nag-away kami eh.” Ako

“Parang doon lang?” Pam

“Ewan. Bakit ganun, wala ng hyperlink yung pangalan niya sa comment box?”

Ako

“Ewan ko.” Pam

Hindi na ako nagreply sa kanya. Sinubukan kong itype yung pangalan niya sa search engine ng Facebook. At alam nyo ba ang nangyari? Walang makitang kapangalan niya! PM agad ako kay Pam.

“Oy, bakit hindi ko siya makita?” Ako

“Ha? Anong hindi makita?” Pam

“Hindi ko na siya masearch.” Ako

“Teka, ako nga.” Pam

Naghintay ako ng about two minutes or less. Maya-maya, nag-PM din si Pam.

“Friends pa ba kayo?” Pam

Huh?

“Ha? Anong friends?” Ako

“Tingnan mo nga kung friends pa kayo.” Pam

Pumunta nga ako ng profile ko, at hindi ko nakita ang pangalan niya sa listahan ng mga friends ko. Does that mean...

“Wala siya sa list of friends ko eh.” Ako

“Naka-block ka na Tol.” Pam

“Block? Anong block?” Ako

“Ni-remove as friend ka na niya.” Pam

Oh God. What was that?

“Ha? Sure ka?” Ako

“Oo. Hindi ko siya makita sa list of friends mo eh. At tsaka hindi na naka hyperlink yung pangalan niya sayo diba? Naka-block ka na nga.” Pam

And I did not hit reply to Pam. Nalungkot ako bigla, at sinisi ko pa ang sarili ko dahil nakipag-away ako sa kanya. Ang babaw ng dahilan diba? Si Ann Ward lang, leche! Kelangan pa bang pag-awayan yun?!!

Nagpost pa ako ng status sa FB nun.

“I’m out of the box!”

Kung titingnan nyo kung nag-status nga ako niya, magugulat kayo dahil totoo yan. What I mean was wala na ako sa box na kung saan andoon yung mga pangalan ng mga friends niya. And do you know what I felt? I felt doomed.



Dinaan ko sa text ang pagso-sorry ko sa kanya. Diba nga nasalo ko ang halos lahat ng konsensiya sa mundo, kung hindi, karamihan ng konsensiya na ipinaulan ng Diyos? Kaya ayan, text talaga ako ng text sa kanya ng sorry. Paulit-ulit na nga ako eh. After a week eh naging visible na ulit yung account niya sa akin, at totoo nga yung sinasabi ni Pam na hindi na kami friends dahil may nakalagay na "Add as Friend" sa profile niya kapag pumupunta ako sa profile niya. Nakakalungkot mang isipin pero isa iyong malaking KATOTOHANAN. Kung makapag-away naman kami, akala mo eh kami eh no? Sus, feeler lang ako.

Pero alam nyo bang nagtagal ang pag-aaway namin na yan? Nakailang text ako sa kanya, hanggang December eh tinetext ko pa rin siya. Pero pagsapit ng December 15, hindi naman sa sumuko ako o ano, pero nag-sorry ako for the very last time sa kanya both through text and message sa FB. Eto pa nga ang sabi ko sa FB ko eh, sa pagkakaalala ko.

"I'm really sorry, hindi ko sinasadya. It's my fault. Ako ng tanga. Please forgive me, ayaw ko lang ng may makaaway ako this Christmas, ayaw ko lang talaga. Pasko pa naman. Please forgive me."

After hitting send, I decided not to disturb her again. Baka napupuno na rin sa pagsosorry ko, sabagay, ilang beses ba naman akong nagsosory diba.

Dumating ang January 2011 at hindi pa rin kami nagkakabati. Ayos diba, parang ewan lang?



At dumating ang January 5. 6:37 PM noon at nakikihiram pa rin ako sa laptop ng Tita ko. Nag-OL ako sa FB, at sa pagkakaalala ko eh nagpasigaw pa ako nun ng "Yes" dahil mula sa GPRS eh naging EDGE na ang connection ng broadband namin kaya mas naging mabilis ang internet access. Haha, parang tanga lang.

Pero ang totoong sadya ko talaga kung bakit ako nag-OL eh para magsorry ulit sa kanya. Hindi ko na rin sya ginambala sa text after December 5 eh, at nakailang araw na rin mula ng huli akong magsorry kaya magsosorry ulit ako sa kanya. Siguro naman mapapatawad na niya ako diba?

Nagmadali akong magtype ng famous line ko ng "I'm really sorry" para sa kanya. At dahil nga New Year na eh nakatanggap naman ako ng magandang balita.

"It's okay, I don't keep a grudge."

Reply ni Marlene. Buhay pa siya. At ang mas importante, okay na ULIT kami. Smile guys, Happy New Year!

~O~

After namin magkabati, balik lang ulit kami sa dati. As normal friends, though friends lang through text. Hindi pa rin kasi kami friends PERSONALLY eh, kumbaga friends lang kami sa text and FB pero pagdating sa personal eh hindi. Ewan, basta ganun ang set-up.

Pagkatapos naming magkabati eh in-add ko rin naman siya sa Facebook, at siyempre, cinonfirm niya rin naman. Friends na nga kami diba, okay na ulit kami, kaya ayun, friends na rin ulit kami sa FB.

Sa totoo lang, wala namang nangyaring pagbabago after that. Yun nga, friends pa rin kami, pero parang may nagbago. Hindi na ako yung katulad nung dati- yung tipong hindi pumapayag na hindi siya katext, yung hindi pumapayag na hindi siya nakakatext, at yung hindi pumapayag na hindi siya nagtetext. Wala, parang nawalan na lang ako ng gana bigla. Hindi ko ma-explain pero ganun na lang bigla yung nangyari eh. Hindi naman ako lumalayo or something similar to that, pero alam mo yun, yung feeling na parang wala lang kahit hindi siya magreply? Yung feeling na parang... ewan. Basta hindi ko pa rin ma-explain.

Mabilis dumaan ang mga araw at first year college na ako. Hindi ako sa PUP nag-enrol dahil naging salutatorian ako. Kung valedictorian or salutatorian kasi ako, makakapag-enrol ako sa school na gugustuhin ko, yan ang deal namin ng tatay ko. At yun nga, nung nag-salutatorian ako eh I ended up in a private school, pero hindi naman kamahalan yung tuition dahil nahihiya rin naman ako sa mga magulang ko, mapapalaki pa ang gastos nila sa akin. Wag na lang. Libre naman ako sa tuition sa school na napili ko kaya okay pa rin, pumayag pa rin sila.

Pero kasabay ng pagbabago ko ng paaralan eh ang pagbabago ng pakikitungo ko sa kanya. Hindi ko alam kung anong matatawag mo doon, pero feeling ko "nagsawa" ako, or better to say "napagod" ako sa kung ano ang meron sa amin. Hindi naman sa naga-assume ako, pero talagang wala eh, WALANG IMPROVEMENT. Friends nga kami pero sa FB at text lang, ni hindi pa sa personal. Ni hindi nga talaga kami magkakilala personally eh. Basta, ganun. Nakakaawa naman ako. At tsaka hindi ko na siya feel, hindi katulad dati na parang gustung-gusto ko siyang katext araw-araw. Nung nag-college na ako, naglaho yun na parang bula. Ewan, pero ganun ang naramdaman ko.

Nagbago rin ako ng sim nun kaya hindi ko na siya nakakatext. Nawala kasi yung TnT ko na ginagamit ko kapag tinetext siya, though memorized ko pa rin ang

number niya. Pero siyempre, hindi na nga ako nag-aabalang itext siya dahil nga “napapagod” na ako. Nakakasawa ng maging friends. Kumbaga, gusto ko ng “improvement” kasi yun talaga ang gusto kong mangyari, kaya ko kinuha yung number niya, kaya ako nakipagkaibigan sa kanya, kaya ko siya kinikilala. Pero wala eh. Kawawa talaga ako.

Lumipas ang mga araw na hindi ko na siya tinetext, as in. Pero hindi naman ako nagluluksa or what nun. Parang wala na nga akong paki eh. I'm slowly moving on (Wow, leche). At ng dumating ang August 24, birthday niya, eh siyempre, babatiin ko siya ng “Happy Birthday” man lang. Pumunta naman agad ako sa profile niya, at nagulat ako sa nakita ko. Nung 2011 kasi, uso na rin ang timeline na yan. Kaya naman ng makita ko ang profile niya, at siyempre, ang unang bubungad sa akin eh ang picture sa timeline niya (Yung nasa pinakataas nung profile) eh nagulat ako dahil may KASAMA siyang LALAKI. At nalaman ko na lang base sa mga post ng mga kaibigan niya na merong “something” sa kanila, and more likely na SILA na. At ang initial reaction ko? Siyempre nasaktan ako. Hindi naman ako nag-assume nun eh. Tanggap ko na walang kami. Na hindi magiging kami. Pero yung nagsinungaling siya na hindi pa payag yung parents niya na magboyfriend pa siya, yun ang mas masakit. Diba? Mas maganda sana kung dineretso niya na lang ako. Open naman ako doon eh, okay lang sa akin yun, tanggap ko ng buong-buo. Pero yung nanggagago siya ng iba, yung nagsisinungaling siya, yung may paseg-way seg-way pa siya eh yun ang hindi ko matanggap. Eh daig niya pa ang sinungaling eh, kasi kapag nagsisinungaling ang isang tao, tinatago, eh siya, parang nagsasabi ng “Ipapamukha ko sayo, may boyfriend na ako, bwahahaha!”

Nasaktan ako at nagalit at the same time nun, pero alam ko sa sarili kong wala akong karapatan. Alam ko kung hanggang saan lang ako kaya hindi na ako nagreact. Alangan namang sabihin kong “Bakit may boyfriend ka na?” o kaya sabihin kong “Kayo na?” o kaya nama'y “Akala ko ba hindi pwede?” Kasi wala

naman akong karapatan diba? Ano ba ako, ang dakilang "friend" sa text? Ha?  
Eh di siyempre, wag na lang akong magreact, wala lang naman ako eh.

I immediately typed my greeting to her in her Facebook Timeline.

"Happy birthday."

And after that? I removed her as one of my friends. That's the end of our game,  
b\*tch.



After mangyari yun, wala na, wala na kaming communication. Hindi na ako nagtetext sa kanya, at tsaka hindi na rin kami friends sa FB. Siyempre, I should give her space. Wala naman akong puwang sa puso niya eh, kahit katititing man lang. Sure ako doon. Siyempre, I've never been the friend in this story. I'm the "Epal textmate" niya. Naintindihan ko naman yun, at alam kong tama ang naging desisyon kong magpakalayo na lang. Masasaktan lang din ako kung magbibingi-bingihan na lang at magbubulag-bulagan na lang ako. Kawawa rin lang ako kung nagkataon. Magsama sila ng boyfriend niya! Bwahaha.

After some days, I know that nakakalimutan ko na rin siya dahil hindi ko na rin siya palaging naaalala. Mas naging focused ako sa pagtataguyod ng sarili ko sa pamamagitan ng pagme-maintain ng scholarship ko kahit na dakilang tamad pa rin ako (Bwahaha). Naging masaya pa ako nun kung tutuusin, dahil nabawasan rin ang gastos ko nun dahil hindi na ako palaging nagne-net at nagtetext. Malaking bagay yung natipid ko nun promise. Ang saya nga eh.

Pero dumating ang January 2, 2012. Sa totoo lang, I've moved on. Yata. Kasi nakita ko na naman siya, for the third time of my whole, entire, fncking life sa barko na sasakyan namin ng ate ko papuntang Maynila. January 3 kasi eh

pasukan na namin, at sobrang daming tao nun. Nung una, hindi ko siya napansin dahil nga ang daming tao, at tsaka malay ko ba na andun pala siya diba?

Unang beses na nakita ko siya nun eh kasama niya yung isang kaklase niya. Naglalakad sila mula sa deck nung barko, at ako nama'y kasama ang ate ko nun, malapit kami hagdan.

“O, bakit tumalikod ka?” Ate ko

“Wala, nahihirapan akong tumayo.” Ako

Tumalikod ako nun dahil ayaw ko siyang makita. Yun lang. Nahihiya kasi ako na ewan eh. Basta ayaw ko siyang makita. At dahil andun sila sa second floor yata eh nag-suggest ako sa Ate ko na sa third floor na lang ng barko kami pumwesto. Ang malas nga nun dahil wala kaming maupuan, ang dami talagang tao. Buti nga hindi lumubog yung barko eh, mag-ala-Titanic pa kami.

At nagulat na naman ako dahil nakita ko siya doon sa third floor na nakaupo roon sa bandang unahan. Since nasa bandang hagdan kami ng Ate ko eh hindi niya kami nakikita. Nahihiya naman ako kay Ate na magsabing sa second floor na lang kami dahil talaga namang madaming tao nun at sobrang siksikan, wala na rin naman kasi kaming maupuan. Kaya no choice, stay kami sa may hagdan.

Nung makarating kami sa pier ng Lucena eh agad-agad akong tumayo nun dahil ayaw ko siyang makasabay bumaba. Promise. Kung gaano ako kabilis maglakad eh ganun ako kabilis tumayo nun. Pero siyempre, dahil marami ngang tao, hindi agad kami nakaalis ni Ate at naabutan niya kami, kasama yung mga kaklase niya. Buti na lang at may 5 tao sa pagitan namin nun. Nahihiya talaga ako.

Nang makalabas kami ng barko eh agad-agad kaming pumunta sa bus na sasakyan namin, Jac Liner na may signboard na LRT Taft Buendia. Sa Buendia, Makati kasi kami bumababa ni Ate eh, doon din kami sumasakay ng bus kapag papunta naman kami ng pier ng Lucena. Inunahan ko pa nga si Ate na maglakad nun dahil ayaw ko ngang maabutan ako ni Marlene, feeling ko nasa marathon ako. Basta, ayaw ko siyang makita at makasabay, period.

Nang makapasok sa bus na sasakyan namin eh napahinga ako ng maluwag. Napa- "haayyy" pa ako nun at napuna pa ng Ate ko iyon. Sabi ko na lang eh napagod lang talaga ako.

At dahil sa hinihintay pang mapuno ang bus eh hindi agad kami umalis. Maya-maya, after 5 minutes yata eh medyo napuno na rin ang bus, siguro mga limang pasahero na lang ang kulang pero nasa different places yung mga vacant seats, meron sa unahan, sa gitna, at sa likuran, pero hindi by pairs yung vacant. By pairs kasi yung upuan ng bus, at 2 pairs per row. Basta, imagine nyo na lang.

Masaya na akong nakaupo sa upuan ko (Though nasa upuan ako na ang katabi ay ang aisle. Mas gusto ko kasi eh nasa may bintana ako, pero since kasama ko ang Ate ko eh automatic na siya ang nasa bintana.) nang magulat ako ng BIGLA SIYANG PUMASOK. Oo, pumasok siya sa bus na sinasakyan ko. At ako? Siyempre, napatigil na naman ako. Sa pagkakaalala ko eh tumitingin ako sa labas ng bus nun dahil nga finitingnan ko kung nasaan siya. Nagdarasal pa nga ako nun na sana hindi ko siya makasabay eh. Pero yun nga, natakot ako dahil bigla siyang sumakay ng bus na sinasakyan ko. Yeah, OA na kung OA pero natakot ako. I-add nyo pa ang nagulat.

Pero dininig ng Diyos ang dasal ko dahil bumaba rin siya. Siguro, dahil medyo puno na rin yung bus. Nakita ko kasing may kasama siyang babae eh, kaklase niya yata. Diba nga wala ng vacant seats na magkatabi? Siyempre, gusto

nilang magkatabi sila, pero dahil wala ng choice eh lumabas na lang sila at sumakay na lang sa ibang bus. And that made me feel better.

Ng makarating kami noon sa Sariaya (Part siya ng Quezon actually, tumitigil kasi ang mga bus doon para kumain ang mga pasahero. I don't know where's the exact place, pero as of January 2012 eh sa Sariaya kami nagi-stop. Ngayon ata hindi na sa Sariaya. Hindi ko naman memorized ang Quezon eh) eh para akong takas sa preso nun. Marami rin kasing nakatigil na bus nun, at siyempre, dahil naihi ako eh kailangan kong lumabas at makigamit ng CR. Talagang sobrang on high alert ako noon dahil ayaw ko nga talaga siyang makita. Basta, yun na yun. Ayaw ko talaga siyang makita. Agad-agad din akong umakyat ng bus nun dahil baka mamaya eh makita ko pa siya, ewan ko lang kung anong magagawa ko. Baka ma-rape ko siya. Joke ^\_ ^V



And that's the last encounter that I had with her. Though fina-follow ko siya sa Twitter eh hindi pa rin kami friends. Hindi ko nga alam kung anong meron sa amin eh. Basta hindi kami friends, pero hindi rin kami friends. Ewan, magulo lang, wag nyo ng i-figure out. Epal ako eh. Basta, kung kilala nyo ako, makikita nyo siya sa Twitter followers ko. Maganda siya, promise. Haha.

Pero as far as my feelings is concerned, alam kong nakamove-on na ako (Ang feeler ko talaga, ang sarap itapon sa bangin!). Hindi na nga ako katulad nung dati. Inaamin ko, crush ko pa rin siya, pero hanggang crush na lang. Ayaw ko ng lumalim pa. Hindi na ako nage-expect eh, kasi alam kong hanggang doon na lang. Pero kung may plans ang Diyos, okay lang sa akin, tanggap ko naman eh. Basta ako, open ako sa kung ano man, pero hindi na ako nage-expect, hindi na ako nag-aassume. Masaya na ako ngayon eh. Mas masaya maging single. Promise.

“Hindi sa lahat ng pagkakataon eh SIYA lang ang taong nakikita natin. Kailangan, tumingin rin tayo sa iba, dahil minsan, mas masarap pa sa pakiramdam ang maka-zero sa quiz sa math kesa sa mabigo lang sa pag-ibig na pinaasa ka. At least, alam mong sa Math, nahhirapan ka, pero sa pag-ibig na pinaasa ka, naghirap ka na nga, umasa ka pa.”

The Author



And that's how my story ends. Haha, epal lang talaga to. Nakikigaya nga lang talaga ako sa kaklase ko. Sana may napulot kayong kwento, dahil yun ang gusto kong ipoint-out dito. Wag munang pumasok sa relasyon kung hindi pa kaya. Tandaan, mas mahalaga ang SARILI mo kung bata ka pa. Enjoy life, hindi lang sa iisang tao umiikot ang buhay natin. Tandaan, mas masarap maging tamad sa klase kesa masaktan sa mga bagay na hindi naman dapat sineseryoso. Ganyan ako eh. Haha.

And yun na nga. Haha. Pantanga lang tong storyang to. I-“boo” nyo nga, walang silbi. Hahaha. Pero thanks for the efforts, kung binasa nyo man. Sana wag kayo tumulad kay Princess na kaklase ko ngayon sa college na ending muna ang binabasa bago ang simula. Haha, sorry Princess, I love you anyway! Haha.

Okay. That's all. I'll be working with my next story na. Sana, abangan nyo kung ano yun. Haha, daming kong istorya, nakakabanas. Haha. Thanks nga pala.

Sorry for the typo errors. =) *Fin.*